
Scandalous 4
UNTOUCHED
VANESSA

# CHAPTER 1

"Emeng, bangon na't alas-kuwatro na! Emeeeeeeng!"

Sino ang hindi magigising sa lakas ng tinig ng nanay niya? Pero sanay na si Beth. Mula pagkabata, ganoon siya kung tawagin nito tuwing umaga. Buhay na alarm clock, ang baterya lang ay kapeng barako. Emily Beth Ortega ang buo niyang pangalan, "Emeng" sa kanilang tahanan, "Beth" sa professional setting.

Gusto pa niyang matulog dahil ang ganda ng panaginip niya, si Manolo, ang

muntikan na niyang naging boyfriend noong unang panahon. Ang guwapo lalo ni Manolo, nakita niya sa Facebook kahit hindi sila friends at hindi niya rin ina-add kasi shy-type siya. Hindi kalabisang sabihing kamukha ni Lee Min Ho ang lalaki. Tumagilid siya ng higa, itinakip muna ang unan sa ulo, hindi pa handang salubungin ang umaga. Gusto muna niyang makapiling si Manolo. Isa pa ay puyat na puyat siya nang nagdaang gabi dahil siya ang assistant ni Ate Cinch, ang malayong pinsan niya—mayaman, dalaga, at pirming wala sa hulog ang mga desisyon sa kinabukasan, palibhasa'y can afford magkamali sa buhay. Hindi tulad niya.

Mayaman ang angkan ng kanyang lola, landed mula pa noong unang panahon, pero kabilang sila sa mangilan-ngilang tangkay ng family tree na napunta sa

bandang laylayan. Kung hindi dahil sa mga magulang ni Ate Cinch, hindi siya makakapag-aral. Sa ngayon ay naghahanap siya ng bagong trabaho dahil hindi niya kaya ang trabahong call center. Hindi kaya ng mental health niya. Nakailang lipat na siya pero ganoon at ganoon din. May ibang kultura sa environment na iyon at pakiramdam niya ay hinihigop ang kaluluwa niya. Mas gusto rin niya ang regular hours dahil mahina siya sa puyatan. Paanong hindi, paslit pa lang siya, ang bunganga na ni Rosario Ortega aka Aling Osang, ang gumigising sa kamalayan niya sa paraang tinalo pa ang kampana ng simbahan. Personalized kalembang. Kapag minalas-malas, bespoke sermon included pa.

Nakaidlip siya nang hindi niya na mawari kung gaano katagal, saka niya

muling narinig ang tinig ng ina.

"Emeng! Luluwas ka pa! Alas-singko y medya ko pinaparito si Tolits. Alangang paghintayin?" anitong tinukoy ang isang tricycle driver, kinalampag na ang pinto ng kanyang silid.

Napabuga na lang siya at bumangon, tinupi ang pinaghigaan, saka lumabas. Amoy-almusal na ang kabahayan. Ang totoo ay miss na miss na niya ang bahay nila, ang mga magulang niya, ang lola niya, at ang bayan na iyon. Hindi naman kalayuan sa Maynila—dalawang oras kung hindi heavy traffic, pero kung puno ang kalsada, Diyos lang ang may alam.

"Ay, ano iyang busangot na busangot sa umaga?" sita sa kanya ng Lola Quirina, mas kilalang "Nanay Kering" sa kanila dahil dating hilot. Dumukot ito ng maliit na garapa mula sa bulsa, basyo ng

Efficacent Oil, saka pinatak ang laman niyon sa daliri. Pinalapit siya nito kaya dumukwang siya. Gumuhit ito ng krus sa kanyang noo gamit ang langis. "Makakatulog ka niyan sa biyahe at pagkagising mo, masigla na ang pakiramdam mo."

Tumango na lang siya. Noong bata siya, may-saalbularyo rin ang lola niya, nilalapitan ng lahat. Pero ilang dekada na rin mula nang sarhan nila ang bahay sa mga nagpapagamot dahil ilang ulit silang nahawa ng trangkaso at ubo sa mga dumadayo. Bukod pa roon, may malapit na rin namang private clinic. Sabi rin ng nanay niya, aanhin nila ang abot na beinte-singkuwenta kung isang linggo silang may ubo't sipon? Mahina na rin ang matanda, hindi na kayang magpaanak, bukod pa sa natakot na ang mga magulang niya nang

makapanood ng mga balita sa TV na nademanda ang hilot nang mamatayan ng sanggol ang magulang.

Madami pa ring tanim na halamang gamot ang lola niya. Malakas pa rin ito kahit nobenta na. Parang sixty lang, kahit ang balat. Hindi nga nila alam kung bakit dahil ang lakas magyosi. Nito lang pandemic tumigil sa kakahitit kahit pa nga ang dami nitong pera noong pambili. Iyong mga na-Covid, sa kanila humihingi ng gamot noong wala pang bakuna. Kahit nang magkaroon, madaming anti-vaxxers na mas gusto na halamang gamot ang gamitin, kasama na ang lola niya doon.

At dahil tumigil ang mundo at siya ay work from home noon, nakaipon-ipon din siya. Isa siya sa mga sinuwerte noong Covid dahil naging remote work ang dating office job niya. Pero nang matapos

ang setup na ganoon, balik-Maynila na naman siya. At heto, sa tuwing uuwi siya sa kanila, ayaw na niyang lumuwas pa.

Sumandok na siya ng sinangag, itlog, at danggit. Naglagay ng ensaladang kamatis at pipino sa pinggan, nagkanaw ng asukal sa kape.

"Ano na namang nangyari kagabi kay Cynthia?" usisa ni Lola Kering.

"Napainom lang po nang konti si Ate Cinch, `La," aniya. Palagi niyang dedepensahan ang pinsan. Mahal na mahal niya iyon kahit luka-luka.

Nalukot ang mukha ng matanda. "Katanda-tanda na'y batugan pa, walang inasikaso kundi disco-disco."

"`Kow, `wag nang mapintasan ang isang `yon at may-I object agad ang Emeng na `to," hirit ng nanay niya. Naaalibadbaran na rin ito sa malayong pamangkin.

Hindi niya masisi ang dalawa dahil nakakausap ng mga ito ang mama ni Ate Cinch na walang ibang reklamo kundi ang anak.

"Nag-e-enjoy lang naman si Ate Cinch sa buhay, `Nay," aniya. "Ang gusto naman kasi ni Tita, magsimula na agad ng negosyo. Gusto nga ni Ate na mag-aral muna. Hindi pa siya tapos."

"Paanong matatapos, puro kalandian at kaharutan ang inaatupag?" patuloy ng nanay niya, saka sumungaw sa bintana sa kusina. "Oy, Tirso, almusal na. Pumarine ka na't lalamig ang sinangag." Pumuwesto na ito sa hapag.

Sumandok na rin ang lola niya. "Ika'y `wag tutulad doon sa isang `yon, ineng, at baka ika'y agad nang magbuntis. `Wag kang tutulad sa ate mo Luan. `Kita mo ang nanay mo, nag-asawa muna bago

nagbuntis pero hirap pa rin sa buhay. Paano na kung magpapabuntis pa?"

Two points agad ang matanda. Isang sentence, dalawa ang tama.

"`Kow, ang Inay naman. Hindi naman tayo nagdarahop. Ang dami nga ninyong ipon," hirit ng nanay niya.

"Heh! Wala akong ipon!" ismid ng lola niya.

Pumasok na ang kanyang ama at pumuwesto na rin sa hapag. Pangalawang mug na nito ng kape. Agad itong ngumiti sa kanya. Masayahin ito at siguro, nag-iisa at bukod-tanging lalaki sa mundo na never nambabae kahit pa nga ang sabi ay "Basta driver, sweet lover." Isa itong jeepney driver noon at ngayon ay private driver na ng isang negosyante. Ni minsan din, hindi niya ito narinig na inaway ang nanay niya, bagaman madalas alaskahin ang esposa.

Iyon ang gusto niya, iyon ang pangarap niya, isang maluwat na pagsasama. Sabihing hindi sila mayamang pamilya, masaya sila, may kapayapaan sa loob ng tahanang munti. Naitatawid nila ang buhay nila kahit mabagal ang pag-isod.

Lima silang magkakapatid. Siya ang pangalawa. Ang Ate Luan niya ay may pamilya na at nakatira sa Bulacan, lima ang anak. Awa ng Diyos, naisipan na ring magpa-ligate.

Ang sumunod sa kanya ay nadestino naman sa Cebu, si Christina. May trabaho namang maayos doon pero nagpakasal na rin last year kahit twenty-two pa lang noong panahong iyon. Sa Cebu na ito nakatira kasama ang asawa, nag-iipon daw para makapagnegosyo.

Ang sumunod dito ay twenty-two ngayon, si Precilla o Precing, nakipagtanan

noong eighteen kahit hindi naman buntis. Wala pa ring anak, pero nakaapat nang kinakasama. Ang hirap sawayin dahil lalong hindi nila malaman kung saang lupalop naroon kapag pinagsabihan. Matampuhin kaya kapag napagsabihan, hindi nagpaparamdam, namba-block sa Facebook, naglalayas, at hindi makontak. Sobra ang stress nila kapag tinotopak ito. Ang bilis ma-in love, mas mabilis mabola, ang bilis makahanap ng lalaki. Hindi nila maunawaan kung bakit ganoon ito pero Hinahayaan na lang nila para umuwi-uwi pa rin. So far, ang huling karelasyon naman ay halos one year na ngayong kasa-kasama at mukhang mabait ang pamilya niyon kaya hariwanang pumirmis na. May trabaho naman. Nakakabilib din dahil kahit high school lang ang natapos, nakakakuha ng online jobs. Iyon ang

kapatid niyang pinakamatalino siguro, pero kakaiba ang galawan. Nagpasya silang lahat na hayaan na lang kaysa hindi na nila masubaybayan kung saan makarating. Sa ngayon, nasa Pampanga ito dahil nandoon ang jowa.

Ang bunso nilang si Susan ay magtatapos na ng Nursing at magpapatuloy ng Medicine. Nangako na siyang pagtatapusin nila ito ng pagdodoktor kahit na magdildil siya ng asin. Iyon ang dahilan kung bakit hindi siya puwedeng mabakante nang matagal. At kapag ipinapatawag siya ni Ate Cinch sa Taguray man o sa Maynila, basta libre siya ay sumasama siya agad dahil may abot. Minsan one K, minsan three K. Malaking bagay sa kanya, lalo na at assistant lang naman ang kailangan nito–kausap sa coffee shop, kasama sa galaan, tagabitbit ng paper

bags ng pinamili. Nakakain na siya nang masarap, may pera pa siya. Mabait pa si Ate Cinch. Iyon lang, talagang lagalag at madaming boylet. Ine-enjoy daw muna nito ang pagkadalaga.

Nang matapos kumain ay naligo na siya at naghanda. Eksaktong alas-sais ay naroon na si Tolits, inihatid siya sa terminal ng bus. Nang makasakay ay nakatulog na nga siya. Nagising siyang nasa EDSA na. Salamat at hindi siya naabutan ng mabigat na traffic. Nakauwi siya sa apartment nang alas-otso, inilagak ang gamit doon, at saka naghanda pa sa isang interview. Mas magandang trabaho, mas magandang oras. Pang-ilang interview na ba niya iyon? Hindi na niya mabilang. Pero kailangan niyang mag-apply bago siya mag-resign sa call center. Hindi siya puwedeng tumulad sa iba na walang trabaho habang nag-a-

apply.

Nang matapos ang interview ay umuwi na siya at natulog. Bago dumilim, gising na siya at naghahandang pumasok. Kung minsan, gusto na niyang mag-abroad tulad ng BFF niyang si Angge. Sabi din nito ay tutulungan daw siya. Magkaklase sila nito mula kinder hanggang college. Pero nang makapagtapos, desidido itong mag-abroad. Isang taon lang pagka-graduate nila, nakarating na ito sa Germany. Nakapagpatayo na ito ng bahay sa Taguray, pero tulad niya ay may pinapaaral kaya magtatagal pa raw bago ito makaipon para sa planong negosyo.

Busy na rin sa kusina ng shared apartment. Kuwarto lang ang binabayaran niya doon. Pinakaluho na niya na solo niya ang silid. Nakigulo siya sa preparasyon ng baon at nang matapos ay kumain na rin,

naligo, at gumayak nang umalis.

Buong linggo siyang ganoon ang schedule. Masama pa ang loob niya na hindi siya tinawagan ng pinag-aplayan. Malas talaga. Pero meron uli siyang aaplayan sa susunod na linggo. At nang sumapit ang weekend, tinawagan siya ni Ate Cinch, ang sabi ay samahan niya ito sa gimmick sa gabing iyon. Kahit pagod, agad siyang naghanda. Na-email na ni Susan, ang bunso niyang kapatid, ang mga kukunan nito ng entrance exams para sa Medicine. Maaga itong naghahanda. Sadyang ganoon ito, organisado. At na-research na niya ang kakailanganin nila sa enrollment; malaki-laki talagang halaga at tuluy-tuloy iyon. Bawat sentimo ngayon ay kailangan niyang itabi.

Nang makarating siya sa Starbucks ay wala pa roon si Ate Cinch kaya pinadalhan

na lang muna niya ito ng message. Nag-retouch na rin siya. Palagi siyang dapat mukhang medyo sosyal kapag si Ate Cinch ang kasama niya dahil hindi niya alam kung saan sila maaaring makarating. Suot niya ay skinny jeans, white blouse, red stilettos. Lahat ng iyon, pamana ni Ate Cinch kaya may tatak lahat. Parang artista ang babae, ayaw mag-ulit ng damit. Sino siya para tumanggi sa signature items?

Habang hinihintay ang pinsan ay nakatanggap siya ng tawag mula sa nanay niya.

"`Nak, kasama mo ba si Cynthia?"

"Hindi pa po pero magkikita po kami. Hinihintay ko po siya ngayon."

"Eh, tumawag sa `kin ang Tita mo Linda, ang sabi bantayan daw dapat maigi `yang ate mong `yan at nababaliw sa kung sinong lalaki. Hinahabol daw, ah. Sino ba

`yon?"

"Hindi ko po alam, `Nay. Wala naman po akong alam na ganyang ginagawa ni Ate. Ano pong pangalan daw?" nagtatakang tanong niya.

"Ano nga ba'ng pangalan...? `Kow, ito'ng hirap sa nagkakaedad, eh. Tirso, ano nga ang pangalan na nabanggit ni Linda nang mag-video call kanina?" anito, siguro ay kasama sa mesa ang asawa.

"Nakow, ako pa ang tinanong mo. Pakialam ko diyan?" sabi ng tatay niya.

"Inay, naaalala ba n'yo? Iyong nabanggit pong pangalan ni Linda kanina na lalaki raw na hinahabol ni Cynthia?"

"Basta't pangalan ng anghel ang pagkaalala ko," sabi ng matanda.

"Ay, basta't pangalan ng anghel, anak. Bantayan mo. Babaero daw `yong lalaki. Gigil na gigil ang tiyang mo. Malalagot

tayo kapag nabuntis `yang pinsan mong harot. Alam mo naman ang tiyahin mo, takot na takot mabuntisan ang anak at nag-iisang babae. Siya, ikaw nang bahala. Sasabihin kong ikaw ang kasama. Balitaan mo ako bukas."

Nagpaalam na rin ito, habang siya naman ay napapabuntong-hininga. Pangalan ng anghel? Michael? Miguel? Hindi ba at iisa lang iyon? Baka Raphael o Gabriel? Basta alinman doon siguro. Pero sa dami ng boylet ni Ate Cinch, parang wala naman ito ni isang hinahabol. Ito nga ang hinahabol. Sana all.

Siyempre, nangangarap din siya ng love life, puwede bang hindi? Wala pa siyang nagiging "boyfriend na totoo." Ang dalawang naging boyfriend niya ay laro-laro lang. Iyong una ay noong first year high school. After two weeks, nag-break na

sila dahil hindi nito ma-spell ang *Mississippi* kahit ilang linggo nang kasama sa vocabulary words ng guro. Ang pangalawa niyang boyfriend ay noong college, pero two weeks din lang sila dahil gusto siyang halikan pero ayaw niya. Break na daw sila kung ayaw niya. Eh, di break. Sino'ng tinakot nito? Cool-cool kasi ang lalaki, tambay sa labas, banda-banda, malakas magyosi. Ang naaalala niya naman sa amoy nito ay ang yosi ng lola niya kaya ayaw niya talagang halikan. Natatawa na lang siya kapag naaalala niya ang kanyang maiiksing ekspedisyon sa romance.

Pero hopeless romantic kasi siya talaga. Mahilig siya sa romance novels, sa rom-com movies, at gusto niya talagang magkaroon ng kaparehang magiging katuwang. Kahit hindi mayaman, okay lang talaga basta magiging totoong

katuwang niya sa buhay, tulad ng mga magulang niya sa isa't isa. Ang kaso, ang mga nakikita niyang lalaki ngayon, parang problema pa ang hatid sa buhay. Parang wala siyang masyadong kilalang mag-jowa na may magandang samahan. Lalo na sa call center na parang ibang mundo. Feeling ng mga kasamahan niya sa trabaho, nasa ibang dimension ang mga ito. Patulan nang patulan kahit mga may asawa naman. Hindi niya maintindihan kung bakit. Wala na yatang matino ngayon.

Mayamaya ay nakita na niya si Ate Cinch. Alas-diyes na ng gabi. Agad itong kumaway sa kanya at lumapit. Hinagkan siya nito sa pisngi, saka siya pinaorder ng kape nito, sabay abot ng card. Agad siyang tumalima. Nang makaorder ay naghintay siya sa plano nito.

"After coffee, we're heading to

Crescendo," tukoy nito sa paboritong dance club. Exclusive iyon, mga sosyal lang ang nakikita niya sa loob. "Umorder ka na ng food mo dito. Hindi na tayo magdi-dinner."

"Ikaw, Ate?"

"I'm on a diet."

Tumango na lang siya. Eternal diet yata ang style ng babae kahit hindi ito mataba. Siya ay hindi rin tabain pero hula niya ay dahil sa trabaho. Malakas siyang kumain, sa totoo lang. Tulad ngayon, alam niyang mabibitin siya sa kayang kainin sa Starbucks kaya sinagad na niya.

Nang matapos, nag-retouch siya at lumakad na sila. Si Ate Cinch ang mismong nagmamaneho. Nang makarating sila sa Crescendo ay agad na silang pumasok sa loob. Kilala na ito ng bouncer, maging siya. Dumiretso sila sa

isang VIP room, kung saan naghihintay ang mga kaibigan ng babae. Beso-beso, chika-chika. Kahit siya ay kilala na ng mga iyon, itinuturing nang bahagi ng gimmick kahit alam ng mga itong hindi siya umiinom masyado. Naka-duty siya, siya ang palaging designated sober company. Siya ang titiyak na walang magmamaneho nang lasing sa mga ito, ang sisigurong walang malisyosong lalaking mangsasamantala, at designated ding mag-check kung nakauwi ba nang ligtas ang mga ito. Ang totoo, maingat naman din si Ate Cinch, kaya nga siya kinuha. Hindi niya alam kung totoo ang sinabi ng nanay niya na may hinahabol itong lalaki, wala namang nababanggit sa kanya.

"Guys!" mayamaya ay sabi ni Ate Cinch, nakainom na ito pero hindi naman lasing. "Tonight, I would like to tell you

how much I appreciate our dear Beth here. Next week na ang birthday niya. Kaya tonight, Beth, gusto kong ikaw naman ang mag-good time!"

Naghiyawan ang mga kaibigan ni Ate Cinch, habang siya naman ay napangiti, nagpasalamat. Na-appreaciate niya ang speech, sana may kasamang cash. *Charot*.

"Have a good time tonight, Beth. Don't worry about me," anang pinsan niya. "Hindi ako iinom. Ikaw ang dapat uminom! Come on, have some fun. You worry too much about everything!"

Umorder ito ng paborito niyang cocktail, saka nagsusumayaw na. May lumapit sa kanyang kaibigan nito. Nitong huling ilang labas niya lang nakikita ang lalaki. Kasing-edad ni Ate Cinch, laking Australia kaya may Australian accent kung magsalita. Dahil dito, napa-chika siya nang

husto. In fairness, masaya namang kausap ang lalaki. Nang magyaya itong sumayaw ay pinagbigyan niya. Sabi ni Ate Cinch, mag-enjoy siya kaya mag-e-enjoy siya. Pero siguro ay pagod siya kaya hindi pa man niya ubos ang iniinom na cocktail ay para bang tipsy na siya.

"I wanna introduce you to my friends. Come," sabi sa kanya ni Fred.

Tumango siya at sumama nga rito. May kasama pala itong isang grupo. Mga Australiano yatang lahat at parang mga atleta. Ang lalaking tao.

Hindi na niya masyadong namalayan ang mga nangyayari. Hindi niya alam kung bakit biglang parang nasa isang panaginip siya, lango. Sumasabay na lang siya sa daloy ng lahat, kahit pa nga halos hindi niya maalala kung nasaan siya.

Napaigtad siya nang makitang hawak ni

Fred ang kanyang kamay. Parang na-zoom in sa paningin niya ang malapad nitong dila nang gumuhit iyon pataas sa kanyang braso.

Naghiyawan ang mga kasamahan nitong nakapaligid sa kanya, mga lalaking six-footer. Ngumiti siya, itinaas ang kanyang inumin. Panaginip lang ito, kulay pulang panaginip.

Paglingon niyang muli kay Fred ay may sinusupsop na itong lemon. Kaya pala dinilaan siya sa braso—mula sa ibabaw ng guhit ng braso pataas sa ilalim ng palad. At ngayon, tinaktakan nito ng asin ang balat. He placed his salted wrist in front of her mouth.

"Lick it!" sabi nito.

Umiling siya. Hindi na niya gusto ang panaginip na ito. Gusto niyang ilapag ang inumin pero saan? Napapaligiran siya ng

mga higante. Walang mesa.

"Lick it, babe," bulong ni Fred.

"Ha?" sambit niya.

Nakangiti si Fred nang hawakan siya sa batok, saka idinuldol sa kanyang mukha ang galang nito. Ang tanging naisip niya, kung gagawin niya iyon ay bibitiwan siya nito kaya inilabas niya ang dila. Pinadaan nito ang galang doon, pero binitiwan man siya nito sa batok ay pumaikot naman ang bisig sa kanya. Napaigtad siya sa sakit nang dumiin ang kamay nito sa kanyang baywang, hinapit siya palapit, saka ikiniskis ang katawan sa kanya. Nalito siya pero siguro ayos lang ang lahat dahil masaya ang mga mukhang nakikita niya, parang nagtsi-cheer pa. Disoriented siya pero ngumiti na rin, tumawa. Baka siya ang mali, kailangan niyang makigaya dahil hindi niya naiintindihan ang nangyayari.

"Aalis na ako, Fred," sambit niya mayamaya dahil kahit anong pilit niya, hindi niya maintindihan ang mundo, pero parang slow motion ang lahat. Para siyang nasa ilalim ng tubig, hirap gumalaw, mabigat ang mga biyas.

"Come on, love, we're just starting to have a good time," bulong nito sa kanyang tainga, kinuha ang baso niya at ipinasa sa kung kanino, saka siya hinagkan sa leeg. Gusto niya itong itulak pero parang beinte kilos ang bigat ng kanyang mga braso.

Hindi na niya nakita kung paanong nahawi ang mga higante at dumating ang isa pa. Hindi Australiano, o hindi purong puti, pero parang may lahi dahil kasintangkad ng mga higante; matipuno, sobrang guwapo. O dahil ba madilim lang?

"You wouldn't mind if I brought the lady to her cousin, would you, Fred?"

anito.

Hindi na niya narinig ang tinugon ni Fred. Basta siya inakbayan ng bagong dating na lalaki, iginiya siya palayo, mahigpit din ang kapit sa kanya, ang bisig ay nasa likuran niya, may puwersa ang paghawak, sa gayon ay mapasunod siya rito, bagaman banayad at hindi mapanakit, hindi tulad ng kay Fred. Nakakabaliw din ang bango nito kahit napakabanayad. Masarap sa ilong.

"What are you doing flirting with five men twice your size?" tanong nitong tila galit.

# CHAPTER 2

"Ha?" ang tanging lumabas sa mga labi ni Beth na tugon sa tanong ng estranghero. Napatingin siya sa mukha nito at mula sa kumikislap-kislap na liwanag ay muli niyang napansin ang kaguwapuhang bihira niyang makita kahit sa mga sosyal na kaibigan ni Ate Cinch.

"Keep walking," bulong nitong mariin, malalim ang tinig, patuloy siyang dinala sa VIP room.

Doon ay nakita na niya si Ate Cinch.

"Oh, thank God!" sabi ng babaeng

ngumiti. "Please take care of her, Gab. I'll be with you in just a sec."

Tumango dito ang lalaki, saka siya inutusan. "Sit down."

Agad siyang tumalima. May awtoridad ang tinig nito, at siya naman ay kung bakit hindi na tumutol. Basta pagod siya. Tinawag nito ang waitress, may sinabi doon, at mayamaya ay bumalik ang babae, hatid ang tatlong one-liter bottles ng tubig. Sinalinan ng lalaki ang isang baso.

"Drink up," utos nito.

Agad siyang tumalima. Uhaw na uhaw siya, tuyo ang bibig. Dalawang litro ang naubos niya. Tumingin siya sa lalaki.

"Ano'ng pangalan mo?"

"Gabriel," tugon nito.

Sa kasuluk-sulukang bahagi ng isip niya ay umalingawngaw ang isang paalala tungkol sa pangalan ng anghel. Gabriel,

pangalan ng anghel, pero hindi niya matandaan kung ano ang relevance. Baka sa San Miguel. Kuwatro kantos. Lasing na siya kahit hindi siya uminom. Matapang ang gin.

Nagpatuloy ang pagtatangka ng isip niyang ikonekta ang lahat pero sumuko na rin siya at nanatiling nakaupo.

Muli niyang sinulyapan ang guwapong lalaki. Panga nito ang kapansin-pansin ganoong sideview ang nakikita niya. Ilang tao ang magpapatabas ng bungo para makuha ang ganoong jawline? At ang ilong, matangos pero hindi tulad ng sa iba na manipis, kundi prominente sa mukha nito. Ito ang mai-imagine niyang Greek god. Mukhang nang mamudmod ng pagkalalaki ang langit ay nanguna ito sa pila.

*Sex appeal,* anang isip niya. Ganoon nga

siguro. Maganda pa ang katawan, kita sa laki ng braso nitong hindi nagawang ikubli ng puti nitong polong nakalilis ang manggas at naka-tuck in sa slacks na pang-opisina. Kitang flat ang tiyan nito.

Napadako ang kanyang mga mata sa kamay at braso nitong tila kayang manakal ng leon. Maganda ang tan pero mestizo. Wala itong anomang alahas, relo lang.

Tumingin ito sa kanya, kumunot ang noo. "Stop staring at me."

"`Suplado mo naman," aniyang sumimangot.

"How much E did you take? Was it E?"

"Ha?"

"Drink some more water."

Agad siyang tumalima. Hindi maubos-ubos ang uhaw niya. Hanggang sa lumapit na sa kanila si Ate Cinch. Tumayo ang lalaki at may sinabi sa pinsan niyang agad

na naupo sa kanyang tabi.

"Okay ka lang, Beth?"

Tumango siya kahit hindi sure. "Uwi na tayo, Ate?"

Agad itong tumango. Nagpatulong ito kay Gabriel na alalayan siya. Gusto niyang magpaliwanag na hindi niya rin maintindihan ang weird na pakiramdam pero hindi na siya nag-abala.

Binuhat siya ng lalaki pasakay sa kotse na para bang napakagaan niya. Humarap ito kay Ate Cinch.

"You may ride with me, sweetie."

"No, I think I need to be with her. Kahit may driver, mahirap na wala siyang katabi. Sumunod ka na lang. We'll drink some and see what happens."

"Sounds like a plan." Ngumiti ito. Mas lalong guwapo kung nakangiti, pero bakit sa kanya, madamot doon?

Tahimik lang siya sa biyahe hanggang sa makarating na sila sa condo ni Ate Cinch. Mayamaya ay may nagbukas ng pinto ng sasakyan. Si Gabriel, inalalayan siyang makababa. Nagpatianod na lang siya hanggang sa makarating na sila sa unit ni Ate Cinch.

"Drink some water, take a shower, and sleep," anang pinsan niya.

Agad siyang tumango. Uminom nga siya pero direkta mula sa pitsel, saka nagtungo sa silid na bakante kung saan siya natutulog kung gusto ng pinsan niyang doon siya tumuloy. Pumasok na siya sa banyo at nagbabad sa tubig. Init na init ang pakiramdam niya. Nang mahimasmasan ay nagsepilyo siya at lumabas, naabutan si Ate Cinch sa silid.

"Are you gonna be fine?" tanong nito.

Agad siyang tumango. Iniwan na siya ng

babae matapos siyang tulungang magbihis—T-shirt nito at pajamas. Nahiga na siya kahit basa pa ang buhok. Iniwan na siya ng babae. Pumikit na siya pero napaigtad nang tumunog ang kanyang phone. Nakita niya ang bag sa bedside table, kinuha doon ang gadget at sinagot.

"Anak, ano na'ng nangyari? Tumawag ang Tita mo, sabi'y ang kuwento raw ng driver, eh, lasing na lasing ka. Tinamaan ka ng magaling na babae ka!"

"`Nay, hindi po," kaila niya.

"Eh, nandiyan yata ang lalaki. Kung hindi ka lasing, siguruhin mong mababantayan mo. Lakad na't baka mabuntisan pa si Cynthia habang ikaw ang bantay."

"Opo. Sige po, `Nay," sagot niya kahit nalilito pa rin nang bahagya.

*Gabriel,* naalala niya, saka biglang

napatuwid ng higa, sabay bangon. Pangalan ng anghel! Nalintikan na nga! Napahawak siya sa ulo, saka tinakbo ang silid ni Ate Cinch. Mabuti at hindi naka-lock. Agad siyang nakapasok at nakita ang dalawa sa kama. Parang maghahalikan na yata at naghiwalay nang bigla siyang pumasok.

Walang sabi-sabi siyang tumakbo, saka lumundag sa kama, sumiksik sa pagitan ng mga ito.

Gabriel cursed under his breath. Ang pinsan niya ay biglang tumawa nang malakas. Dalawa silang malalagot kung hindi niya maaagapan ang lahat. Hindi niya mapapapayagan ang Gabriel na itong buntisin ang pinsan niya.

Niyapos niya ang lalaki, hindi lang ng mga braso, kundi maging ng mga binti. Naging human lubid siya, ginawa itong

bolster pillow para hindi makagawa ng paraan para buntisin ang pinsan niya.

Dinig niya ang halakhak ni Ate Cinch. Narinig niya rin ang tila buntong-hininga ng pagsuko ni Gabriel, naamoy ang bango nitong ngayon ay nakadikit na sa kanyang ilong dahil nga yapos-yapos niya ito.

Hindi na niya alam kung ano ang nangyari matapos iyon dahil nang magising siya kinabukasan ay hanggang doon lang ang inabot ng alaala niya. She also slowly realized that Fred drugged her. Ecstasy ba? Roofie? Hindi niya alam dahil hindi naman siya gumagamit. Pero alam niyang madaming party drugs ang mga alta at mukhang nadale siya. Mabuti na lang at nailigtas siya ni Gabriel.

Sukat nang maalala ang lalaki at napabangon siya para makita si Ate Cinch na natutulog sa tabi niya. Lumabas siya at

wala nang nakitang kahit na sino. Muli siyang nagbalik sa silid, ginising ang pinsan.

"Ate, ano'ng nangyari?"

Nagmulat ito ng mata. "Okay ka na? Fred drugged you, I think. Mahirap mapatunayan sa mga pulis na siya pero sinumbong ko na siya sa chat. We all blocked him. I'm very sorry, Beth."

"Hindi mo naman kasalanan, Ate."

"But you've always protected me. Ako ang ate but you were drugged under my watch. Ang sabi rin ni Gab, may mga naririnig na raw siya kay Fred. Apparently, you're not the first one he drugged. Or at least, iyong siya ang pinaghihinalaan."

Napatango siya, nakadama ng galit sa lalaki pero may gusto pang malaman. "Nasaan si Gabriel, Ate?"

"He went home last night." Tumawa

itong bigla. "Alam mo ba ang ginawa mo? You cockblocked him. Magpahinga ka pa. Matutulog pa ako. Inaantok pa ako, Beth."

Tumango na lang siya. Mukhang hindi naman hinahabol ng babae si Gabriel. Saka na niya aalamin ang mga impormasyon. Sa ngayon, kailangan muna niyang ipahinga ang matinding sakit ng ulo.

*BAKIT BA AKO pumayag i-meet ang taong `yon dito? Ano ba naman itong si Ate Cinch!*

Naghihimutok si Beth habang panay ang tingin sa relo. May interview siya sa kalapit na opisina. Mabuti nga at walking distance lang ang LRM Realty, kung saan siya sasabak sa interview. Pero bago iyon, kailangan muna niyang hintayin ang ka-deal ni Ate Cinch na supplier ng whey protein at iba pang supplements. Nakaisip ng project, gym at health store, pero

mukhang tulad ng lahat ng naisipang negosyo ay hindi na umuusad pagkaraan ng planning stage. Tulad ngayon, parang kasubuan ang labas ng pagkausap nito sa supplier at tinamad na kaya siya na lang ang pinapunta dahil galing pa raw ng Siargao ang ahente. Cristiano ang pangalan, Brazilian na kinakalakal ang mga pampaganda ng katawan at umiikot sa bansa ngayong summer para sa promotions.

Alas-onse ang interview niya. Alas-diyes na. Sinubukan niyang magpa-resched kay Cristiano pero ang sabi ay ala-una raw ang flight nito pa-Aklan, sa Boracay ang kasunod na promo event at isiningit lang siya sa schedule.

Mayamaya ay nakita na niya itong pumasok. Ang guwapo, matangkad, siyempre parang kilo-kilong whey protein

yata ang ginawang polvoron kaya ang laki ng katawan. Parang tipong The Rock, iyong tambay sa gym. At ganoon din ang suot nito ngayon, parang pupunta sa gym—shorts, T-shirt na mas maliit nang dalawang sizes dito, rubber shoes. May sukbit itong duffel bag.

Pleasant naman ang lalaki at hindi na nagpaligoy-ligoy pa sa mga inaalok. Wala halos pumapasok sa isip niya dahil nga gusto na niyang umalis. Siyempre, pagdating sa LRM ay kailangan niyang mag-retouch bago sumalang sa interview. Kailangang-kailangan niya ng trabaho dahil bumitiw ang kompanya ng account niya. Kasama siya sa mahigit singkuwentang empleyadong na-layoff.

*Diyos ko, ano ba `tong lalaking ito? Pati panga yata nag-gym at hindi na naubusan ng sasabihin,* sa isip-isip niya, pasimpleng

tumingin sa relo. Kalahating oras nang nonstop ang bibig ni Cristiano at male-late na siya kung hindi pa ito titigil.

"I will explain it all to my boss," sabi niyang nakangiti.

Isinilid nitong muli sa duffel bag ang napakadaming produkto. Samples daw iyon. Pambihira, may sampung kilo yata ng sarisaring protina, bitamina, at iba pa ang laman. Alangan namang iwan niya, eh, ilang libo ang halaga?

"All right. I need to catch my flight. I hope to do business with you soon, Beth," ani Cristiano, kinamayan siya, saka umalis na.

`*Tragis, paano na?* sa loob-loob niyang tumingin sa counter. Busy ang mga barista at crew. Madami na ring taong pumapasok.

Pinagala niya ang tingin sa dining area

at biglang nahuli ang mga mata ng isang lalaking may hawak na broadsheet, nakadekuwatro, kaswal, at walang pagmamadaling nagbaba ng tingin sa diyaryo, walang pakialam kahit na nakita na siya. Siyempre nakilala niya ito; si Gabriel, ang na-cockblock niya once upon a time. Naaalala pa kaya siya nito? Siguro kaya siya tiningnan.

Nakadamit pang-opisina ito, tulad noong gabing una niya itong nakilala. This time, ang coat nito ay nakasabit sa isang upuan, habang ito ay prenteng nakaupo sa silyang nagmukhang pandak dahil sa tangkad nito at laking lalaki. Ang guwapo-guwapo, pero iyong tipong pangingilagan dahil mukhang suplado. Ni hindi makuhang ngumiti o tumango nang bahagya man lang para kilalanin siya.

Siguro galit sa kanya. Hindi niya naman

ito masisisi, pero ang babaw, ha? Hindi naman siguro ito magagalit kung ganoon lang. At kung sana ay matutulungan siya nito pero mukhang negative. Kaya binitbit na lang niya ang duffel bag—na malaking pagkakamali dahil nang mawala ang puwit niyon sa upuan ay parang binatak pababa ang braso niya. Sa sobrang bigat din niyon, bumigay ang isang handle. Ang natira ay isa na lang pero parang mawawasak din. Mayroon pa namang shoulder strap pero duda siya kung kaya niyon ang bigat dahil hindi doble. Libre lang ang bag kaya hindi kagandahan. Siguro napuwersa na kaninang binitbit ni Johnny Bravo, lintik na iyon.

No choice siya, isinukbit niya ang bag sa balikat para maiangat at ibalik sa silya. This time, nagkaroon ng siwang ang tahi sa gilid. Mas malala kung bibitbitin niya

mula sa shoulder strap, bibigay ang tahi at mawawasak. Duda rin siya kung kakasya kahit sa pinakamalaking paper bag ng coffee shop ang lata ng supplements. Gayunman, lumapit siya sa gilid ng counter at nakiusap sa crew.

"Miss, puwede ko bang ipaiwan? Nagmamadali kasi ako. Babalikan ko mamaya, okay lang?" aniya.

"No po. Hindi po kami tumatanggap ng paiwan. Sorry, ma'am," anang crew.

Napabuga na siya sa frustration, sabay tingin sa relo. Alas-diyes kuwarenta. Maglalakad pa siya, tataas pa sa gusali. Paano kung pila sa entrance at elevator? Ilang buildings na rin ang na-encounter niyang ganoon.

No choice. Nilingon niya si Gabriel na mahigit isang dipa ang layo sa kanya.

"No," sabi nitong ni hindi inaalis ang

tingin sa diyaryo.

"Yabang. `Di naman kita hihingan ng tulong," ingos niya.

Matalim ang naging pagsulyap nito, saka muling tumingin sa diyaryo. Nilapitan niya ang bag at binitbit para sa mesa isampa, saka niya itinupi ang mga tuhod para maikarga ang bag sa balikat. What other choice did she have?!

Dalawang hakbang pa lang, na-off balance na siya nang gumiwang ang takong ng kanyang sapatos. Nabitiwan niya ang bag at malamang sumadsad siya sa sahig, pero naagapan siya ni Gabriel sa baywang.

Kung isa iyong Koreanovela, doon magpi-freeze frame, sabay tutugtog ang romantic background music, magkakaroon ng bokeh hearts, at lalabas ang closing credits. Pero dahil isa siyang dakilang cockblocker at hindi natutuwa sa

kanya si Gabriel, imbes na magkatitigan sila ay itinayo lang siya nito, saka sinabi, "Leave the bag with me. Get a cab. I'll help you load it."

Napatingin siya sa relo. Negative. Hindi na siya aabot. Saan niya rin iiwan ang bag sa LRM? Napailing siya.

"Hindi uubra, eh. May kausap kasi ako ng eleven diyan sa Skyspire Tower. Baka puwede mo akong tulungan?"

Bumuga ito, astang pikon, saka kinuha ang coat at ipinasa sa kanya, saka nito walang kahirap-hirap na ipinatong sa balikat ang duffel bag. Kung lahat ng kargador kasingmukhang-mamahalin ng lalaking ito, dito na siya kukuha ng bigas forever. Hindi man lang nabawasan ng poise ang lalaki. Lumabas silang nasa balikat nito ang bag, habang siya ay nakasunod dito, yakap ang coat na ang

bango.

Pinindot nito ang fob. Nag-start ang makina ng isang malaking SUV. Bagay na bagay dito ang sasakyan, malaki at mamahalin. Ikinarga nito ang bag sa backseat, saka binuksan ang passenger door.

"Get in," utos nito.

"Ha?"

"You don't want to be late, do you?"

Bakit ba kasi hindi man lang ngumiti? Singtigas yata ng bato ang inebs kaninang umaga kaya masama ang timpla. Eh, di sumakay. Nang maisara nito ang pinto ay lumipat sa kabila at lumulan na rin. Ni hindi pinagpawisan ang lalaki.

Amoy-malinis ang sasakyan nito, halata ring masinop ang maykanya. Maganda ang upholstery ng sasakyan, simple at elegante. Parang ito. Guwapo ang lahat dito. Mula

mukha hanggang sasakyan.

Napatingin siya sa kamay nitong nakahawak sa manibela. Ang laki. Mas malaki pa yata sa mukha niya. At ang mga kuko? Mas malinis pa sa bagong manicure at pink kahit natural lang at walang gamot na pula. Ang mga ugat nito sa kamay ay parang sinasabing sanay itong kumilos. Halata naman sa muscles nito sa polo na kahit hindi masikip ay nagpapakita pa rin ng laki ng biceps nito. Napansin din niya ang relo nito. Rolex.

Ano kaya ang apelyido nang mahanap niya sa Facebook. Pero parang masyado itong sosyal para magkaroon ng Facebook. O kung meron man, malamang na hindi active. Pero bakit niya ito hahanapin? Halata namang hindi ito natutuwa sa kanya. Sayang, ang bango pa naman at talagang napaka-delicioso.

Bakit ba ganoon ang naiisip niyang pang-describe dito? Ano ba ang alam niya sa delicioso-delicioso? Nahawa na siya kay Ate Cinch na parang pagkain kung i-describe ang mga lalaki.

Hindi siya naniniwalang malandi si Ate Cinch dahil madami din naman itong hindi pinapatulang lalaki, kahit mga guwapo rin. Nagkataon lang na maldita ito at nahahawa na siya doon. Pero kapag iniisip niya, ano ba ang totoong ibig sabihin ng "yum" sa tuwing sasabihin patungkol sa lalaki? Sexual nga siguro. Parang nakasanayan na lang niyang gamitin sa pag-describe sa guwapo. Pero dito kay Gabriel, may something else. Napapansin niya kahit ang mga balahibo sa kamay nito. Kahit ang mga daliring maganda ang hubog at mahahaba. At ngayon, pati leeg nito gusto niyang i-

analyze. Bakit kahit Adam's apple nito, ang guwapo?

Ang kinis at linis ng leeg kahit bandang Adam's apple ay abot ang facial hair. Balbon ito dahil tisoy. Tipong kahit siguro mag-ahit sa umaga, sa hapon may shadow na. Sa leeg kaya ito nag-spray ng pabango? O nagtatampal ng aftershave sa mga pisngi? Sa likod ng tainga?

Lumingon ito sa kanya, nakakunot ang noo.

Napalabi siya nang bahagang-bahagya, kasabay ng bahagya ring pagtaas patagilid ng mukha. Hindi naman niya sinasadyang magmukhang para bang nananantiya pero defensive siya, sakaling gusto siyang awayin ng suplado.

Kung may balak man itong iparating sa kanya ay hindi na naituloy dahil bumuntong-hininga na lang ito at

nanahimik. Inobserbahan niya ang sasakyan. Hindi niya type ang music nito, pangmatanda. Tito music.

Sinilip niya ang bulsa ng pintuan. Walang laman, malinis, sigurado siyang kahit padaanin niya ang daliri doon, walang kakapit na alikabok. Binuksan niya ang glove compartment, walang laman sa loob maliban sa kung anong booklet at maliit na folder.

"Looking for something, sweetheart?" sarkastikong tanong nito.

Agad niya tuloy naisara, sabay tingin dito. "S-Sorry."

Ganoon siya kapag stressed, kung ano-ano ang gustong kutingtingin. Muli siyang napatingin sa relo. Eight minutes to go pero kapag nag-green ang traffic light, diretso na sila sa basement ng building kaya ibinaba niya ang sun visor ng

sasakyan para mag-retouch. Wala nang time na mag-CR pa.

Tulad ng hinala niya ay mayroong salamin sa sun visor. Hindi na siya nahiya dahil bakit siya magpapa-impress sa lalaking obvious namang hindi siya gusto? Isa pa, walang sapat na sarap sa babaeng malapit nang maghirap. Datung is life.

Inilabas niya ang kikay kit. Nakakahiya ang laman niyon dahil matipid siya sa makeup. Madami man siyang nakukuha kay Ate Cinch, hindi puwede sa kanya dahil kapag may fragrance na hindi organic, sure nang magbubutlig siya. Kaya ang mga mamahaling brands na pamana ng pinsan niya, lahat ay napupunta sa kanyang kapatid at nanay. Ang iba, for sale sa Facebook marketplace at page niya. Mahal ang makeup na hiyang niya, kaya halos said na.

Napasulyap siya sa lalaki bago ipahid ang sponge sa gilid ng mismong molde ng pressed powder dahil bakal na ang makikita sa gitna niyon, sa gilid-gilid na lang siya nananaid. Tumingin sa foundation niya ang lalaki, saka dumako ang mga mata sa kanyang mukha. Bumaling ito sa unahan, hindi naman nagkomento.

"Allergic ako sa ibang brands," paliwanag niya, saka nagsimulang mag-apply ng pulbos. Palaging simple lang ang makeup niya. Hindi siya eksaktong maganda na tulad ni Ate Cinch pero hindi siya pangit. Sa ganoong interview, manipis na foundation, pressed powder, eyeliner, kilay, at lipstick lang ang gamit niya. Kapag pumapasok siya sa opisina, kadalasang pressed powder lang at lipstick. Wala siyang luxury of time para mag-full on

makeup. Hindi rin siya nasanay kailanman.

Hindi umimik ang lalaki; pinatakbo na ang sasakyan nang mag-green ang traffic light. Nag-reapply na siya ng lipstick. Kinuha rin niya ang hair stick para sure na walang hair out of place. Nagmamadali na niyang isinilid ang kikay kit sa bag.

"Puwede mo ba akong tulungang iwan sa guard ang bag?" Kinapalan na niya ang mukha dahil no choice na siya.

Tumango lang ang lalaki. Nang maipasok sa basement ang sasakyan ay may card itong nagpataas ng harang. Siguro doon din ito nag-oopisina. Madami ring mga tanggapan sa mataas na gusali. Timing naman pala. Pero para siyang nanlata nang mapatingin sa relo at nakitang last two minutes na siya, at nasaan ang guard na pag-iiwanan ng bag?

"Lagot ako," nasambit niyang nanghinang bigla. "Male-late pa ako sa interview."

"Go. There's the elevator. Go. I will leave the bag at reception."

"Talaga? Thank you!"

Dumukwang siya at hinagkan ito sa pisngi, hindi na nag-isip pa, saka mabilis na bumaba at tumakbo na sa elevator. Eksaktong pagbukas niyon nang marating niya. Agad na siyang sumakay, pinindot ang button number twelve, tumingin muli sa sasakyan ni Gabriel, saka kumaway bago sumara ang pinto ng elevator.

Late pa rin siya ng tatlong minuto pero hindi na napansin ng HR office. Tatlo rin silang naroon para sa interview, siya ang huli. Pinatuloy na rin siya mayamaya sa loob ng opisina ng HR manager.

"You may start on Monday," sabi nito

matapos ang interview.

Napangiti siyang bigla. Nagpasalamat siya at nagpaalam na rin. Parang may pakpak ang kanyang mga paa. Nasa elevator na siya nang maalala ang duffel bag kaya tumuloy na siya sa lobby. May reception desk doon. Tinanong niya kung may iniwang bag sa kanya. Ibinigay naman ng receptionist.

May taxi sa labas ng building. Ikinarga doon ng guard ang bag. Hindi niya maiwasang isiping lucky charm yata niya ang lalaking ubod ng suplado.

# CHAPTER 3

Administrative staff ang posisyon ni Beth sa LRM. Mababa ang posisyon pero maganda ang suweldo, maganda ang benefits, at mayroon ding magandang work environment. Siguro dahil babae ang CEO nila, si Isolde Carranza. Ang tsismis sa kanya ng nauna sa kompanya, hindi raw uubra kay Ma'am Isolde ang mga aroganteng engineer. Takot nga raw dito ang mga lalaki. May guwapo raw itong anak, si Mr. Lopez.

Ikatlong araw niya sa trabaho at so far,

masaya naman siya sa environment. Nakilala na rin niya ang ibang project managers at nasorpresang malamang madami sa mga iyon ay babae at mga bata pa. Mayroon ngang kaedaran niya lang. Nagha-handle na ang mga iyon ng team ng architects at engineers, kung hindi man ay ang mga ito mismo ang ganoon ang natapos. Hindi niya maiwasang maisip na siguro, kung magtitiyaga siyang matuto, posibleng makaangat siya sa trabahong iyon. Siguro ay puwede rin siyang kumuha ng kursong makakatulong, tulad ng ibang mga project manager. Napakadaming binigay na ideya sa kanya si Regina, ang katabi niya sa cubicle. Matagal na ito doon, dating assistant ng executive secretary ng isang board na nag-retire. Dahil doon, nalagay sa admin si Regina.

Nang mag-lunch break, agad niyang

napansin na masyadong mahal ang mga pagkain sa ibaba ng building dahil fast food, kundi man ay restaurant. Dinala siya ni Regina sa isang kalye na limang minutong lakaran mula sa back exit ng Skyspire Tower. Nakatayo sila sa isang karinderyang colorum. Lahat ng ulam ay prito—manok, pork chop, longganisa, shanghai. Mahal din.

Habang naglalakad pabalik sa office, nasabi niya tuloy kay Regina, "Puwede pala akong magbenta ng packed lunch, ano?"

Sumang-ayon agad ang babae, magandang ideya daw iyon. Kaya naman kinabukasan, nagsimula na siyang chikahin ang iba nilang officemates. Siya ang tipo ng taong mabilis maka-adapt sa mga grupo. Ginamit niya ang charm, lalo na sa mga lalaking officemates. Sa Biyernes na iyon, nakagawa na agad siya ng menu.

Nag-photocopy siya ng menu. Nang makuha iyon ay eksaktong lumapit sa kanya si Katie, isa sa mga batang project manager.

"Pakiakyat nga ito kay Mrs. Paner," sabi ng babaeng maganda. Kapo-promote pa lang daw dito, tsismis sa kanya ni Regina; mula sa mayamang pamilya, coño, pero lumayas daw sa poder ng magulang dahil ampon at ang favorite ay iyong totoong anak. Nakakaloka ang mga tsismis ni Regina.

"Yes, Ms. Katie," nakangiting sabi niya, inabutan ito ng flyer ng kanyang menu. "Baka type mo, ma'am. Kumukuha na ako ng orders for Monday."

"Ooh." Ngumiti ito. "Sige, support kita. Ibibigay ko na lang kay Mang Johnny. Isang packed lunch, any number, saka isa ring merienda."

Nagpasalamat siya rito at hindi pinersonal na ibibigay nito sa iba ang oorderin sa kanya kaysa kainin. So what? Hindi siya ang tipo ng taong maarte sa ganoon. Ang kanya, kumita.

Tumuloy na siya sa executive floor. Nautusan na siya doon noong isang araw. Si Mrs. Paner ang sekteryara ni Mr. Lopez, ang vice president of real estate and development, anak ng CEO. Ang sabi, malapit na raw maging COO ang lalaki. Dahil lang daw malupit talaga ang nanay nito kaya nasa middle management pa rin kung tutuusin. Sobrang pogi daw ni Mr. Lopez, sabi ni Regina. Crush nga raw hindi lang ni Katie, kundi lahat ng malalantod sa office.

Tumuloy na nga siya sa itaas. Iba ang ambiance ng executive floor. Dalawang palapag lang naman iyon, fourteenth at

fifteenth. Nasa fifteenth ang opisina ni Ms. Carranza at ng anak niyong si Mr. Lopez, maging ang opisina ng ibang board of trustees. Amoy-mahirap abutin pagbukas pa lang ng elevator, damang-dama niya agad ang pagkakaiba. Malawak ang space, wala siyang matanawang empleyado bukod sa receptionist sa likod ng desk nito sa lobby.

Malawak ang lobby pero animo museum sa ganda ng suspended ceiling. Mukhang origami iyon, parang higanteng papel na pinagtutupi, saka nagbaon ng mga ilaw sa mga pagitan. Sa gitna ng lobby ay may metal sculpture na hula niya ay milyon ang halaga at malamang gawa ng kung sinong sikat na artist. Mayroon ding malaking painting sa likod niyon. The painting seemed to represent Isolde herself with its bold colors of blood red, black,

and gold. Parang simbolo ng reputasyon at husay ng may-ari. Mayroong mga elegante at komportableng couch pero malalayo ang distansiya sa isa't isa. The lobby looked chaotic but curiously harmonious and calm. Hindi niya maipaliwanag kung bakit kahit madaming disenyo ay hindi nakaka-overwhelm. There must be some genius design concept behind that, hindi lang niya alam kung ano dahil hindi siya interior designer. Pero kung ikaw nga naman ay potential client ng LRM, sinampal na agad ni Isolde sa `yo ang design prowess ng kompanya pagbungad mo pa lang sa opisina para sa meeting.

"Kay Mrs. Paner," sabi niya sa receptionist, itinaas ang folder. Tumango lang ang babae sa kanya, nakangiti. Napatigil siya, saka ito nilapitan at inabutan ng menu. "Baka gusto mo.

Message mo na lang ako, ha?"

Napaka-friendly niya dahil natural niya iyon, bukod sa iba ang ngiti ng babaeng may kalakal.

Makalagpas sa lobby ay mayroong hallway na puno rin ng magagandang paintings. Kabilaan din ang mga nakasaradong opisina. May ibang salamin ang pader at walang tao sa loob. May ilang conference rooms at mga opisina ng senior management. Nakabukod ang section ng opisina ni Ms. Carranza. Sa kabila niyon ay isa pang hallway kung saan naroon ang malalaking cubicles ng staff ng senior management.

Sa tumbok ng hallway ay naroon ang malawak na opisina ni Mr. Lopez. Nasa isang mesa sa isang panig si Mrs. Paner, mayroong dalawang malalaking couch sa tapat nito sa kabilang side. Sa pagitan ng

sekretarya at ng mga couch ay may nakasarang pinto at naroon ang anak ng big boss.

Lumapit siya agad kay Mrs. Paner at iniabot ang mga dokumento. Mukhang terror teacher ang babae. Takot daw dito ang mga "malalantod" kaya siguro siya ang inutusan ni Katie.

"O, bakit ikaw ang nagdala?" tila nagtatakang tanong nito, saka umismid nang makita ang pangalan ni Katie pagkabuklat ng folder. "Kumusta naman ang trabaho mo dito sa amin, anak?" tanong nitong ngumiti sa kanya.

"Okay naman, ma'am." Inabutan niya ito ng menu. "Baka gusto mo, ma'am. Nangongolekta na ako ng order. Puwede mo akong i-text diyan, o kaya Whatsapp at Viber. Meron din akong Messenger. I-add mo ako, ma'am," aniyang itinuturo ang

mga impormasyong nasa ilalim ng menu.

Kahit noong nag-aaral siya ay malakas siya sa mga nakatatanda. May fondness ang mga ito sa kanya. Siguro dahil normal sa kanya ang maglambing sa mga ito dahil lumaki siyang kasama ang kanyang lola sa bahay.

Pirming halos nasa tungki na ng ilong ang salamin ni Mrs. Paner. Binasa nito ang flyer.

"Uy, mura, ha? At paborito ko ito. Sige, anak, oorder ako sa `yo for Monday. Ime-message kita mamaya o bukas, ha?"

"Thank you, ma'am."

"Ikaw ba mismo ang magluluto ng mga ito?"

"Opo. Kayang-kaya naman, ma'am. Ganyan talaga kapag may pinapag-aral pang kapatid."

Saglit silang nagkuwentuhan ng

matanda, hanggang sa mapapihit siya nang marinig ang pagbukas ang pinto. Laglag ang panga niya nang makilala kung sino iyon.

Napaunat siya. “Gabriel!”

Kumunot ang noo nito. Bigla ang pagtaas ng dalawang kamay niya sa bibig sa pagdating ng realisasyon. Gabriel Lopez. Ito si Gabriel Lopez. Bakit hindi niya agad naisip kahit narinig na niyang Gabriel Lopez ang pangalan ng anak ni Isolde? Siguro dahil nakita na niya si Madame Isolde at malayo ang hitsura ng babae kay Gabriel.

“S-Sir,” bigla niyang sabi. “Good a-afternoon po.”

Nakakunot ang noo ng lalaki, nakatingin sa kanya. Nanlaki bigla ang mga mata niya nang maalala ang ginawang paghalik dito noong huli. Iyon ay matapos

niya itong utusang buhatin ang duffel bag. Paano din niya malilimutang kinailangan siya nitong iligtas isang gabi mula sa limang AFAM? At sa gabi ring iyon, ginawa niya itong bolster pillow para lang pigilan itong makipag-sex sa pinsan niya!

Bahagya lang itong tumango, tila nagtataka pa rin dahil hindi na nawala ang pagkakakunot ng noo. Siguro, noon din lang nito na-realize na sa kompanya pala nito siya nag-apply noong nagkita sila last week, dahil madaming opisina sa Skyspire. Kung nalaman kaya nito, matatanggap pa rin siya? Baka magbilin na agad na in case ay huwag siyang tanggapin.

“Good afternoon,” bati nitong pormal, saka bahagyang tumango, dismissive.

Bigla siyang natauhan at pumihit, kinuha na ang flyers niya pero nang pumihit ulit ay nabitiwan niya ang mga

iyon. *Bad trip naman, o!* sa loob-loob niyang biglang yumuko para pagdadamputin ang mga papel. Umupo na siya nang patiyad para malikom ang mga papel. Para mahablot ang isang lumipad sa paanan ni Gabriel ay dumukwang siya at nailuhod ang isang binti. Sabay nilang inabot ng lalaki ang papel—siya ay pormang pagapang, ito ay nakayuko.

Nagtama ang mga mata nila. Hanggang sa mapansin niyang bumaba ang mga mata nito. Bigla siyang napatayo nang ma-realize na sa posisyon niya ay malamang nasilip nito ang dibdib niya. May bra naman siya, siyempre, pero loko rin ang lalaki. Bakit tumingin? Sabagay, kung ito man ang nagpasilip ng bird, kahit aksidente ay mapapatingin siya siyempre.

Binabasa na nito ang menu. Nag-init ang kanyang mukha. Ang nakalista doon

ay pangmasang pagkain. Iyon kasi ang reklamo ni Regina at ng iba pa nilang kasama, na puro fast food o prito ang pagkain sa paligid ng opisina, walang lutong bahay. Tingin niya kay Gabriel, tipong puro salmon at steak ang kinakain. O baka mahilig din sa healthy foods kasi maganda ang katawan. Hindi niya maunawaan kung bakit parang napahiya siya dahil nabisto nitong nagtitinda siya ng packed lunch. Ano ang nakakahiya doon?

Ah, siguro nailang lang siya dahil damang-dama niyang bigla ang agwat ng kanilang pamumuhay. Poor people problem ang hinahanapan niya ng solusyon, at hindi mamomroblema sa lunch si Gabriel kailanman.

“Here.” Iniabot nito sa kanya ang papel na agad niyang kinuha.

“Sige po, sir.” Bumaling siya kay Mrs.

Paner. "Ma'am."

Nagmamadali na siyang umalis. Malakas ang sasal ng kanyang dibdib. Bakit palaging ganoon ang epekto sa kanya ni Gabriel? Para bang mapupugto ang kanyang paghinga.

Nang makabalik na sa puwesto ay pawisan pa siya. Agad na nagtanong si Regina.

"Saan ka galing?"

"Nautusan ako ni Ms. Katie kay Mrs. Paner."

"Bakit ka pawisan?"

"Nakita ni Sir na nagbebenta ako ng packed lunch. `Kakahiya. Ginamit ko pa ang photocopier," aniyang napangiwi.

Ang lakas ng halakhak ni Regina. "Sus. Sobrang bait kaya no'n!"

"Talaga? Parang hindi naman. Parang masama ang tingin sa `kin."

“Baka bad mood lang.” Kumunot ang noo nito. “Talaga ba? Parang hindi ko pa nakita `yon na tumingin nang masama. Guwapo, `no?”

“Hindi naman pogi `yon,” bigla niyang nasabi. Ewan kung bakit siya biglang nagsinungaling.

“Si Mr. Lopez? Si Sir Gab, hindi guwapo?!” bulalas ni Regina, tumawa. “Baka kailangan mo nang magsalamin, echuserang `to!”

“Totoo naman. Madaming mas guwapo kaysa do’n sa Gab na `yon. For me, hindi siya guwapo, sa true...” Natigil siya sa pagsasalita nang mapansing napatingin sa bandang itaas niya si Regina, nanlaki ang mga mata. “N-Nasa likod ko siya, `no?” sambit niya, sabay pihit. “S-Sir!”

Iniabot nito sa kanya ang isang folder. “Kindly give this to Marcie.” Pumihit na

ang lalaki, pero muling tumingin sa kanya. “I don’t appreciate you gossiping about me, Ms. Ortega.”

Tumango na lang siya, nahihiya, bahagyang nakangiwi. “S-Sorry po, sir.”

Tumango lang ito at naglakad na palayo.

Napatingin siya kay Regina, nakalabi. “Sabi sa `yo, mainit ang dugo sa akin. Tayong dalawa ang nagtsitsismisan kanina, ako lang ang pinagalitan. Hmp! Bahala siya,” sambit niyang tumayo na para dalhin kay Marcelina, isa ring bagong project manager, ang folder na iniabot ni Gabriel, panay ang lihim na buntong-hininga.

*Wala, sira na ang image ko. Pero dapat akong makabawi. Baka lalo akong mapag-initan. Pero paano?*

# CHAPTER 4

*Nakakainis!*

Ipinasok ni Beth ang cellphone sa drawer para hindi na siya pirming tingin nang tingin doon. Tatlong araw na mula nang i-follow niya sa Instagram si Gabriel pero hindi pa siya nito inaaprub. Gusto na nga niyang i-cancel ang pag-follow pero baka lalong maging big deal. Isa pa... talagang gusto niya itong i-stalk!

Baka nararamdaman nito, hindi kaya? Iyon siguro ang dahilan kung bakit hindi siya nito inaaprub. O baka gusto nitong

professional lang ang relasyon sa mga empleyado at siya naman ay gusto pa iyong gawing personal. *Pero kasi...*

Napabuntong-hininga na lang siya, pinilit ang sariling mag-focus sa trabaho kahit nitong huli, talagang hirap na hirap siyang gawin iyon dahil para siyang teenager na walang ibang laman ang isip kundi ang crush. Hindi siya makapaniwala. Twenty-six na siya, pero kapag nakakasilay kay Gabriel, para siyang nagbalik noong unang panahon, noong may crush siya sa school. Same feeling halos, pero mas matindi pa dahil kung noon ay nagba-blush lang siya sa tuwing nakikita ang crush kasabay ng pagsasal ng dibdib, ngayon kay Gabriel ay nadagdagan pa ng katangahan.

Parang nauupod ang braincells niya sa tuwing nakikita ang lalaki. Madalas na

hindi siya makapagsalita, o kung makakapagsalita ay kung ano-ano naman ang nasasabi niya. Sa palagay niya, aanga-anga ang tingin ni Gabriel sa kanya. At gustong-gusto niyang mabago ang impresyon na iyon. Kaya nga umaasa siyang ipa-follow back siya nito para makita nito ang kanyang well-curated Instagram. Bago kasi siya nag-follow request sa lalaki, siniguro muna niyang burado na ang mga post niyang mema lang. In fairness naman sa kanya, may theme ang kanyang IG, organized. Siyempre, pabida rin ang mga post niya kapag nakakasama kay Ate Cinch sa kung saan-saan. Gusto niyang malaman ni Gabriel na kahit mababa ang posisyon niya sa kompanya, hindi siya basta-basta.

At naiinis siya sa sarili niyang para ba siyang trying hard, pero hindi niya

mapigilan. Crush na crush niya si Gabriel. Gusto niyang magpapansin dito, gustong ma-impress ito sa kanya, maisip nito na hindi man sila magka-level sa opisina, hindi naman din siya padadaig. Na kahit hindi siya mayaman, nakarating na rin siya sa mga sosyal na lugar.

"Huy, may munggo pa?"

Napatingin siya kay Regina. Hawak na nito ang packed lunch na nasa microwavable container. Ito na ang kumuha sa thermal bag niya. Tatlo ang araw-araw niyang dala. Malaki ang kita niya sa packed lunch, lalo na at padami nang padami ang mga suki niya. Kumuha na nga siya ng hulugang motorsiklo para makatipid sa biyahe araw-araw. Nakalipat na rin siya ng apartment para may sarili siyang kitchen at malapit nang konti sa opisina. Kung minsan, dalawang balik pa

siya, kapag madaming pahabol na order at lagpasan sa quota.

Sa totoo lang, pagod na pagod siya araw-araw pero kailangang magtiyaga. Anyway, Sabado at Linggo naman ay pahinga niya. Umaalis lang siya kapag pinapatawag ni Ate Cinch. Alam na rin ng babae na may crush siya kay Gabriel. Tanong kasi siya nang tanong dito. Ang sabi lang ng babae, kanyang-kanya na si Gabriel dahil may gusto itong iba, si Miguel. Iyon pala ang kinababaliwan nito. Pangalan nga ng anghel.

Ang Gabriel pala ay para sa kanya. Charot!

Hindi naman daw nanligaw kay Ate Cinch si Gabriel. Inakala lang daw ng lalaki na may mangyayari sa mga ito dahil nag-flirt daw dito si Ate Cinch para mapagselos si Miguel at makalapit doon.

Kaibigan naman ni Gabriel si Miguel. Magkaklase daw ang dalawa sa Wharton. Noong gabing na-cockblock niya si Gabriel ay wala naman daw balak si Ate Cinch na bumigay kahit hindi siya dumating para pigilan ang lalaki. Pinalalabas lang nitong ganoon para maikuwento ni Gabriel kay Miguel. Kaya naman inangkin na niya si Gabriel kay Ate Cinch. Ang usapan nila, kanya ang lalaki, habang tutulungan niya naman ito kay Miguel sakaling makilala niya iyon.

As if naman close sila ni Gabriel, eh, heto nga at mukhang inis pa rin sa kanya kahit eight months na siya sa kompanya. At sa loob ng walong buwan na iyon, imbes na mag-improve ay palala siya nang palala sa tuwing makikita niya ito. Ang masaklap pa, parang lahat yata ng babae sa kompanya ay pinapangarap ang lalaki.

Nahihiya siyang umamin kahit kanino ng feelings niya, siyempre, kaya sinasarili na lang niya.

Sa loob din ng walong buwan na iyon, three days ago lang siya nagkaroon ng lakas ng loob na i-follow ang lalaki sa social media. As in buwan niyang pinag-isipan. She finally dared at heto ang resulta, hindi siya mapakali dahil baka lalong maasar sa kanya ang suplado.

"Oo, nandito sa isang thermal bag," sagot niya kay Regina, hinigit palabas ang ikalawa niyang lalagyan ng pagkain. Ambisyosa nga siguro siya, gustong magpanggap na hindi siya ganoon kadukha kahit kilala siya sa buong kompanya bilang si "BF," as in "Beth Foods." Iyon kasi ang nilagay niya sa una niyang flyer at siya pa ring headline ng daily menus niya at Facebook page.

"Mag-distribute ka na," paalala sa kanya ng kaibigan.

"Ay, oo nga." Sa sobrang pag-iisip niya sa sintang pururot, nalimutan na ang business.

Binitbit na niya ang thermal bags papunta sa pantry. Nandoon na ang iba niyang mga suki. Nagsimula na nga siyang mag-distribute ng pagkain. Ang mga para sa wala pa doon ay ipinatong lang niya sa mesa, may pangalan na ang bawat isa. Wala namang magnanakaw dahil may CCTV camera. Kumain na rin sila ni Regina.

"May coffee jelly, ha? Saka fruit salad. Nasa ref," aniya sa mga suki. Kaninang umaga pa niya naisalpak ang mga iyon sa ref. "Heto, lakatan. Twelve pesos each lang."

Organisado siya sa paorder. May magnetic notepad siya na may ballpen,

nakadikit sa pinto ng ref. Ang extra orders ay sinusulat lang ng mga ito doon at mamaya na niya ililipat sa app na gamit. Tuwing suweldo niya pinapadala ang listahan ng mga ito. So far, wala namang nagpa-pass ng bayad, kung may makiusap man ay tumutupad naman sa usapan. Siguro dahil alam na may pinapaaral siya. Mababait naman ang mga kasamahan niya sa trabaho.

Hindi pa siya tapos kumain nang makatanggap ng message kay Mrs. Paner, nagtatanong kung mayroon pa raw siyang sobrang lunch. Nalimutan daw nitong umorder. Palagi siyang may pasobra para sa mga humahabol. Agad siyang nag-reply sa matanda at sinabi na may limang order pa ng packed lunch, at madami pang meriendang pancit at cheesy puto cake. Pinakyaw na nito ang lunch at sinabi ring

magdala siya ng dalawang pancit at puto.

Hindi na niya tinapos ang lunch. Nagpaalam siya kay Regina, agad nang inihanda ang kalakal, nag-retouch, saka nagtungo sa executive floor bitbit ang eco bag na may lamang pagkain. Reyna din siya ng eco bags at lahat ng mga kailangan sa kanyang kalakal. Dahil hindi lang naman packed lunch at merienda ang paninda niya, pati mga bagay na kailangan ng lahat—cup noodles, crackers, kape, sanitary napkin, Band-Aid, tissue, wet wipes, toilet paper, at iba pa. Sabi nga ni Regina, ginawa na niyang sarisari store ang cubicle niya. May sarili siyang cabinet sa ilalim ng mesa para sa mga kalakal.

At nangarap pa talaga siyang maisip ni Gabriel na kahit paano ay hindi siya pipitsugin kahit ang style niya ay ganoon. Pero wala namang masamang mangarap.

Nang makarating siya sa opisina ni Gabriel ay agad siyang ngumiti kay Mrs. Paner. Magiliw pa rin ang matanda sa kanya. Suki din niya ito pero madalas na nalilibre ng lunch dahil galante raw si Gabriel, at ang mga taong nanghihingi ng pabor, palagi itong binibigyan ng iba't ibang pagkain.

"Ikaw na ang mag-prepare doon sa pantry, `neng, at may sasabihin lang ako kay Ma'am Isolde."

"Sa pantry po ninyo ni Sir? Kay Sir po ba `to?" May nakabukod na pantry si Gabriel, nasa bandang likuran ng puwesto ni Mrs. Paner.

"Oo, sa amin. Pinapaorder ako sa food delivery, kahit ano daw. Sa totoo lang, `neng, sawang-sawa na ako. Kahit kasi Filipino food doon, hindi na ako nasasarapan. Mas gusto ko ang lutong

bahay. Mas gusto ko ang luto mo. Ilagay mo na lang doon, ha? Babalik ako pagkatapos. Ang plates nasa cupboard. Hindi naman maselan si Sir. Sige na at ayokong naghihintay si Ma'am."

Napatango na lang siya. Umalis na ang matanda, siya naman ay tumuloy na sa pantry. Naghain na siya gamit ang mga pinggan sa cupboard. Mainit pa naman ang mga pagkain kaya nilipat na lang niya ng lalagyan. Bukod sa magandang sinaing, merong Bicol express, adobong pata na may bulaklak ng saging, chop suey, chicken pancit sotanghon.

Eksaktong katatapos lang niyang maghain ay pumasok na sa silid si Gabriel. Tulad ng dati ay tumahip ang dibdib niya at ilang segundong napatitig sa guwapo nitong mukha. Nag-iwas lang siya ng tingin nang mapansing nakakunot ang noo

nito. Palagi naman kapag siya ang kaharap. Pero kapag sina Katie at Marcie, nakangiti palagi, magaan ang tono ng boses, friendly, open.

Malapit na siyang magtampo, kung hindi lang nakakahiya sa sarili. Bakit siya magtatampo dito? Ano ang karapatan niya? Kung malalaman nito ang itinatakbo ng isip niya ay baka lalo na siyang iwasan.

"K-Kain na, sir," aniya. "Pinuntahan lang saglit ni Mrs. Paner si Mommy mo."

"Thank you." Pormal na pormal pa rin ang tinig nito.

"Ano'ng gusto mong drink, sir?"

"I think there's sparkling water in the fridge. That would be fine, thank you."

Ikinuha nga niya ito ng isang bote ng Pellegrino sa ref. Nakapuwesto na ito sa mesa at sumasandok na, mukhang gutom. Noon lang niya ito nakitang magla-lunch.

Natutuwa siyang matitikman nito ang luto niya. Hindi naman sa pagyayabang pero masarap siyang magluto. Paano, bata pa siya ay sanay na sa lola niya at nanay. Wala pa siyang ten years old, siya na ang nagsasaing at nagluluto ng pagkain niya. Hindi rin siya lumaki sa hot dog, meatloaf, at kung ano-anong mga processed food. Lutong bahay ang itinuro sa kanya noon pa man.

"Join me," anyaya nito pero parang atas lang ng kagandahang asal.

"Tapos na, sir."

"Then would you mind not staring at me?" Kumunot na ang noo nito bagaman hindi naman nakasimangot.

Napahiya siya. Dapat na siyang magpaalam pero hindi niya magawa.

"How's the food, sir?"

"It's okay."

Noon siya biglang napalabi para lunukin ang pagpoprotestang nasa bibig. Okay lang? Ganoon lang? Parang ito lang ang nagsabing "okay lang" ang kanyang niluto dahil kahit nga iyong mga tagababa ay sa kanya na rin umoorder. Tagaibang kompanya ang mga iyon, tuwing umaga ang delivery niya ng lunch. At kung kaya pa sana niyang kumuha ng mas madaming order, malamang wala na siyang maitulog. Hindi basta okay ang pagkain niya, masarap at hindi tinipid ang rekado. Proud na proud siya sa luto niya pero ewan, parang napakahirap namang i-please ng lalaking ito. Kahit siguro maghubad siya sa harap nito, hindi pa rin siya mapapansin.

May bahagyang inis siyang nadama pero agad ding sinaway ang sarili. Tulad ng noon, wala siyang karapatang mag-inarte. Siyempre nga naman, sanay sa steak at

lobster ang lalaking ito kaya bakit naman pupurihin nang husto ang kanyang Bicol express at pancit?

"Wala na po ba kayong kailangan, sir?"

*Puwede akong dessert, sir. Hindi ka magsisisi. Fresh na fresh pa `ko. Charot!*

"I'm fine. Thank you. You may go." Walang kasingtabang ang salita nito. Parang ang bigat-bigat ng loob sa kanya.

Sa isip ay ginaya niya ito sa inis. *You may go. Tsss. Porke guwapo, matalino, mayaman, macho, at mabango? Para sabihin ko sa `yo, madaming nagkakagusto sa `kin!*

Totoo rin naman. Pero ibang level nga lang ang mga nakakatipo sa kanya, hindi Gabriel level. Mabenta siya sa mga manong, mga sekyu, rider, dicer, at iba pa. Siguro dahil approachable siya. Kahit bukas ng mukha niya ay friendly. Kaya nga may talent din siya sa sales. Obvious

naman sa pagiging karinderya at sarisari store niya sa office. Ang masasabi niyang sosyal na nagkagusto sa kanya ay iyong Australiano na kaibigan ni Ate Cinch, pero sa kasamaang palad nga ay binalak siyang gawan ng masama.

Wala siyang experience sa mga love-love bukod sa dalawang linggong pag-ibig niyang wala lang noong unang panahon. Madami rin naman siyang nagiging crush, pero sinumpa yata siyang hindi matipuhan ng mga crush niya. Isa lang ang memorable sa lahat, si Manolo nga, crush ng bayan na Lee Min Ho ang datingan. Binigyan siya nito ng mga bulaklak at love letters kahit hindi na uso. Muntikan na rin niyang sagutin, ang kaso ay nagpunta na ito sa Canada bago pa niya masagot sa tagal ng pag-iinarte niya.

"Sir, gusto mo ba ng coffee jell,y saka

fruit salad?" aniya kay Gabriel.

"Sure."

Bigla siyang parang ginanahan. Nagmamadali na siyang umalis para kumuha ng dessert. Sobrang bilis niya. Medyo pawisan pa siya sa pagtakbo kaya dinadampi-dampian niya ng panyo ang mukha, saka pumasok sa pantry. Buti at hindi pa tapos kumain ang guwapo.

Inihain na niya ang dessert. Para siyang flight attendant na ipinaliwanag kung ano ang desserts na dala niya, na para bang hindi self-explanatory.

"Ito po, sir, coffee jelly, made from real kapeng barako. Real condensed milk po and cream ang gamit ko diyan. Dito naman po sa fruit salad, ako po mismo ang nagkayod ng buko kaya sure po kayong malinis `yan."

Tumikhim ang lalaki. Saka lang niya

napansin na sobrang lapit niya rito, at dahil nakayuko siya, ang dibdib niya ay sumasayad na halos sa braso nito. At ang mga mata ng lalaki ay naligaw na naman ng tingin. Hindi nito puwedeng i-deny na hindi ang dibdib niya ang binibistahan nito dahil may effort itong iatras ang leeg para mas matanaw ang loob ng blouse niya. Agad siyang napaunat.

"This is highly unprofessional, Ms. Ortega," sabi nito, nairita base sa pagkakakunot ng noo.

Hala, bakit parang siya ang may kasalanan? Hindi naman sumayad, ah? Ito ang tumingin sa ipinagbabawal na kabundukan, inatras pa ang leeg para hindi maduling sa distansiya ng tinitingnan. Ito ang *umeffort*! Puwede naman nitong hindi tingnan! Well, maganda talaga ang boobs niya kaya siguro natulala rin. So kasalanan

niya iyon? Siya ba ang dapat pagsabihan?

Pero dahil ito ang amo, siya na lang ang nag-sorry.

"P-Pasensiya na po, sir."

Iniba na nito ang usapan. "All of this is your food?"

"Y-Yes, sir."

"How much do I owe you?"

"Ay, hindi na po, sir," sabi niya bago pa naawat ang sarili. Pero dahil nasabi na niya, paninindigan na niya.

"No, how much?"

"H-Hindi na po. Free ko na po para umorder kayo ulit... kung nagustuhan ninyo."

Naglabas ito ng wallet mula sa bulsa ng pantalon. Kumuha ito ng tatlong lilibuhin at ipinatong sa mesa. "Please take it, Ms. Ortega."

"B-Beth na lang po, sir. Sobra po ito. Ito

lang po. May sukli pa po."

"Keep it all."

Ayaw ng pride niya dahil hindi pa rin magaan ang tinig nito. Pero siyempre, alangan naman ngang hindi nito bayaran ang kinain? Iyon siguro ang naiisip nito. At dahil mayaman nga naman, maano ba ang ilang ulit na pasobrang bayad? Eh di kunin. Ibinulsa na niya ang pera.

"Thank you po," sabi niya, may kaunting inis kahit pinipigil dahil... *baket?* Ano ang pinag-iinarte niya? Wala siya sa lugar. Kaya tumango na lang siya. "Enjoy your meal, sir. Sige po."

Papalabas na siya nang sabihin nito, "Ms. Ortega."

Bigla siyang pumihit. "Yes, sir?"

"The food is great."

Biglang nanlaki ang mga mata niya, napangiti, at lahat ng inis ay parang bulang

naglaho. Kung cartoons ang lahat ng ito, malamang ay kanina pa hugis-puso ang mga mata niya habang nakatingin sa lalaki.

At ano ang sumungaw sa mga labi nito?! Isa ba iyong ngiti? Pero hindi natuloy. Parang, pero naudlot nang sabihin nito, "You may go now."

"Thank y-you, sir!" Kagat-labing lumabas na siya, parang may pakpak ang mga paa.

Eksakto namang nasa labas na si Mrs. Paner. "Nandiyan na sa loob si Sir?"

"Yes, ma'am! The food is great daw po!" kinikilig na sabi niya.

Tumawa ang matanda. "Masarap namang talaga, anak."

"Kinikilig ako, ma'am! Nagustuhan ng boss ang luto ko. Enjoy your lunch din, ma'am, ha? Feeback-an mo ako kung may gusto kang ma-improve."

Ngiting-ngiting tumango lang ang matanda. Siya naman ay bumaba na rin, hindi na yata mawawala ang pagkakangiti sa labi. Kinain niya ang naiwang lunch kanina. Ubos na rin ang paninda niya, kahit ang ilang merienda packs. Si Regina na ang nagbenta.

Nagpatuloy na ang kanyang trabaho eksaktong ala-una. Kinikilig pa rin siya. Ime-message sana niya ang kaibigang si Angge nang makita ang notification sa phone. Binuksan niya ang Instagram at impit na napatili. Mabuti na lang at nasa CR si Regina. Walang nakakita sa walang tunog niyang pagsigaw habang nakayuko sa upuan at nakahawak sa mga pisngi.

Inaprub na ni Gabriel ang follow request niya. Opisyal na siyang Instagram stalker nito ngayon, matapos purihin ang luto niya. Para siyang nasa ikapitong langit

ng kaligayahan.

# CHAPTER 5

"So mahal mo na?"

Napatingin si Beth sa tanong ni Angge na nasa kabilang linya. Ka-video chat niya ito habang nagluluto ng paninda. Alas-kuwatro y medya ng madaling-araw, alas-diyes naman ng gabi sa Germany. Huwebes. Long weekend kaya hindi siya mapaitlog. Three days ba naman siyang hindi makakasilay.

"Ano ba'ng sinasabi mo diyan?" aniya sa kaibigan. Nasa silid ito, papatulog na rin, balot na balot dahil pa-winter na.

Inilagay na niya ang aromatics sa kawali. Menudo ang isa sa tatlong ulam for the day. Ang dalawang iba pa ay pata tim na nakasalang na sa pressure cooker, at adobong sitaw. Nagtitimpla na ng kape si Inday, ang kasambahay ng kapitbahay niyang suma-sideline sa kanya nang ganoong oras. Four to seven ito sa kanya, wala ang mag-asawang among parehong gabi ang duty sa call center at kadalasang alas-nuebe na ng umaga nakakauwi. May daily order din ang mga iyon sa kanya.

"Wala ka nang sinabi kundi Gabriel. Naririndi na ako sa `yo. Mahigit isang taon na `yan, olats ka pa rin." Prangka si Angge, hindi uso ang matatamis na salita.

"Crush ko nga, eh," aniyang inabot ang kapeng tinimpla ni Inday.

"Mahal na niya, teh," anang babae sa camera. Kilala na rin ito ni Angge dahil

apat na buwan na rin niyang kausap madalas ang kaibigan sa umaga.

Hindi niya alam ang feelings para kay Gabriel. Puwede ba siyang ma-in love sa isang taong hindi niya naman nakakausap man lang? Sa isang amo na dinadaan-daanan lang siya? At tulad pa rin ng noon, parang matabang ang pakisama sa kanya kumpara sa iba.

Akala niya talaga, magiging close na sila noong nakaraang sinabi nitong masarap ang pagkain niya, pero ni hindi na nga umorder uli sa kanya ang lintek. Buwisit. Baka sinabi lang pero hindi naman nasarapan talaga. Ewan, pagdating sa lalaking iyon, lumalabas lahat ng insecurities niya. Hindi healthy sa kanya ang magkagusto rito, at lalong hindi healthy na ganito na katagal ang feelings niya, hindi pa rin nababawasan.

"Obsession na yata `to," pag-amin niya kay Angge. Sige siya sa paggigisa habang sinasabi ang nasa kalooban. "`Yong sa isip ko parang umaasa akong magiging kami kahit alam ko namang hindi `yon mangyayari. Una, madaming may crush sa kanya pero ang pinakamatindi kong kalaban do'n sa office, sina Katie at Marcie. Sobrang sosyal ni Katie, maganda, mukhang konyo. Si Marcie naman, sobrang lakas ng sex appeal. `Yong parang mukhang palaging nagiging bombshell na kerida. Pero mabait `yon, basta ganoon ang dating niya. Parang kung tibo ako, liligawan ko, gano'n. Mas gusto ko nang siya ang maligawan kasi mabait sa `kin. Mabait din naman si Katie pero, ewan ko ba… `Day, paabot nga niyang karne."

Iniabot nga ni Inday ang nagayat na karneng na-marinate na nila kahapon sa

kalamansi at toyo. Inilagay na niya iyon sa malaking kawali.

"Hindi ka naman kasi marunong mang-akit. Paano ka mapapasali sa multiple choice?" tanong ni Angge. "Saka dapat na makita ka niya sa labas ng office setting. Kasi kung palagi ka niyang doon lang nakikita sa opisina, maa-associate ka niya sa trabaho. Hindi sa leisure or hobby or whatever."

Nakahawak siya sa handle ng kawaling malapad gamit ang potholder, habang ang isang kamay ay sige sa paghahalo. Nakapatong sa shelf sa `di-kalayuan ang phone niya, may mount.

"Ano naman ang gusto mong gawin ko, mag-golf? Mag-scuba diving? Mag-sailing sa Mediterranean Sea?" Napabuntong-hininga siya. At least, noong hindi pa niya pina-follow si Gabriel sa Instagram,

nakakapagpantasya pa siya na puwede silang maging magka-level, pero nang makita niya ang buhay nito, para siyang binuntal ni Pacquiao ng lumalagapak na katotohanan—sobra-sobrang layo ng agwat ng buhay nila.

Para siyang kuting na walang nagawa kundi ang tahimik na ngumiyaw at umatras sa kung saang sulok. Dapat ay nagsilbi na iyong wake-up call sa kanya, pero ang tanga niyang puso, hindi naman nagbago at parang lumala pa nga. Nagpapapansin pa rin siya, gumagawa ng paraan para makasilay. Pero lahat ng iyon ay palihim. Ayaw niyang makisali sa mga taga-LRM na baliw na baliw dito.

"Sira, `yong mga simple lang na kaya mong gawin. Halimbawa, alamin mo kung saan siya tumatambay. Pumunta ka rin do'n."

“Sa gym. Kaso lang may membership. Magsasayang ako ng pera para do’n? Kailangan nga ni Susan ng mga bagong gamit,” reklamo niya.

Nagpatuloy silang magkuwentuhang magkaibigan hanggang sa magpaalam na itong magpapahinga na. Sila naman ni Inday ay inasikaso na rin ang kanyang mga paninda. Alas-sais y medya, nakaligo na siya, at ang mga paninda niya ay nakakarga na sa motorsiklo. Nang makarating sa Skyspire ay sumakay na siya sa elevator nang maiayos ang motor sa parking na halos wala pang sasakyan.

Never siyang na-late. In fact, palagi siyang maaga. Meron din kasing mga umoorder mula sa call center sa ibaba ng floor nila sa Skyspire. Kung minsan, sa totoo lang, parang nalulungkot siya dahil sa feelings niya kay Gabriel at sa sitwasyon

ng pamilya. Hindi naman siya inoobliga ng mga magulang na tumulong sa pag-aaral ni Susan, pero alam niyang hindi kaya ng mga ito at siya ang naggiit na magpatuloy ng Medicine ang kapatid niya. Siya ang nangakong gagawin ang lahat. Pero kung minsan, parang gusto niyang magsisi dahil nakakapagod. Ilang taon pa niyang gagawin iyon? Makakapag-asawa pa kaya siya?

Kapag nag-asawa siya, mahihirapan si Susan na makapagtapos, sayang naman. Maliban na lang kung mayaman ang mapapangasawa niya. Sa ganoong paraan, makakapahinga siya. Paano kung ang mapangasawa niya ay tulad din niya? Pero bakit naman siya kukuha ng ganoong boylet? Mahirap na nga siya, mahirap pa ang mapapangasawa? Hindi bale na lang siguro.

Nang bumukas ang elevator ay natigilan siya nang bumungad sa kanya ang pagkapreskong Gabriel. Good morning na good morning agad ang buhay niya.

"G-Good morning, sir!" bati niya agad.

Tumango ito nang bahagya. "Good morning."

Parang gustong mamungay ng mga mata niya. Kung ganito ba naman ang bubungad sa kanya tuwing umaga, kahit siguro dukha ito, papatulan niya. Pero siguro, ito rin ang taong kahit maging isang dukha, hindi magtatagal na ganoon dahil matalino talaga at impressive ang mga idea. Kapag nagsasalita ito sa mga event ng kompanya, halos matulala lang siya rito, bilib na bilib, umaasam ang puso.

"Are you getting out?" tanong nito.

"Ay! Oo nga!" Agad siyang lumabas ng elevator. Ito naman ang pumasok.

"Go," anito sa kanya bago sumara ang pinto.

Parang tanga siyang panay tango ang naitugon dito, bitbit sa magkabilang mga kamay ang mga paninda, bukod sa cooler-backpack niya.

"B-Breakfast, sir?" alok niya nang isang dangkal na lang ang puwang ng mga pintuan ng elevator.

"Bring me some," dinig niyang sabi nito bago tuluyang sumara ang pinto.

Ang puso niya ay ganoon na lang ang lakas ng kabog. Halos magkumahog siyang mailagay sa pantry ang mga paninda, saka kumuha doon ng lahat ng klase ng breakfast. Pati pang-lunch at merienda, nagdala na rin siya. Hindi niya alam kung ano ang magugustuhan nito.

Nilagay niya ang lahat ng iyon sa dalawang eco bags, saka mabilisang nag-

retouch, at tumuloy na sa itaas. *Be still, my heart!* Pero ayaw makinig ng puso niya. Kahit ang dugo niya, ayaw paawat. Parang naging constant ang kanyang pagba-blush. Ang init ng pakiramdam niya sa mukha.

Nang makarating sa opisina ni Gabriel ay wala pa roon si Mrs. Paner. Siguro dahil maaga pa masyado. Quarter to eight pa lang. Kumatok na siya sa pinto ni Gabriel, saka iyon binuksan.

"H-Hello, sir. Ihahain ko po ba sa pantry?"

"Yes, please."

Agad siyang tumalima. Sumunod naman sa kanya si Gabriel. Ilang na ilang siya sa presensiya ng malaking lalaki. Parang lumiit tuloy ang silid dahil dito. At ang bango nito, sapul na sapul ang ilong niya. Ngayon niya naunawaan kung bakit hinihimatay ang mga babae noong araw sa

The Beatles. Para kasing hihimatayin na rin siya!

Nang mapatingin siya sa lalaking nasa tapat niya sa kabilang side ng mesa ay halos manginig ang kanyang mga kamay. Nakatitig ito sa kanya! Muli, naisip niya, *be still, my heart!*

"All-silog, sir. Ito ang f-favorite ng mga suki ko," sambit niyang bahagya lang sumulyap sa lalaki, saka nagbaba ng tingin. Hindi pala niya kayang salubungin ang mga mata nito. Bakit parang binabasa ang kaluluwa niya? Ang puso tuloy niya ay parang lulundag na patungo sa kanyang lalamunan. "Danggit, beef tapa, sausage, tocino. Ito po, sir, `yong tomato-cucumber salad. May... m-may s-sopas din po dito, saka p-pancit." Lord, bakit ayaw siyang lubayan nito ng tingin? Dama niya ang pagbubutil ng pawis sa gilid ng mukha.

Paano kaya ito kinakausap ng ibang tao? Parang nakakailang. Must be the eyes. His eyes were beautiful. He was beautiful. Perfect.

"What else do you have there?" tanong nitong bahagyang tumango.

"Ahm, menudo, pata tim, adobong sitaw. Ihahain ko rin, sir?"

"Maybe I'll have that for lunch."

"K-Kain na, sir."

"Join me."

"H-Hindi na, sir." Nahiya siya dahil awkward namang makisabay siya, eh, sa kanya na nga binili. Alam din niyang hindi iyon totoong imbitasyon, nasabi lang. Hindi naman lahat ng nagsabi ng "kain na" ay sasaluhan niya. "Coffee po?"

"That would be perfect."

*Uy, perfect daw!* Kilig na kilig siyang hindi niya mawari. *Self, wait lang, `wag ka*

*munang magwala! Diyos ko, pinagpapawisan ang kilikili ko! OMG!*

Ikinuyom niya ang mga kamay para matigil ang pangangatal habang ginagamit ang espresso machine. Sosyal ang kompanya, mayroong ganoon, hindi lang basta drip coffee. Mabait talaga ang mga boss, kahit istrikto si Isolde. *Mommy Isolde,* pagtatama ng isip niya at parang gusto niyang matawa sa lakas ng loob.

"Espresso, sir?"

"Cappuccino would be nice. Thank you."

Dahil matagal na rin siya sa kompanya, alam na niya ang lahat ng timpla, salamat sa mga kasamahan niya sa trabaho. May gatas sa ref, may coffee beans. Nakaupo na sa tapat ng pinggan ang lalaki nang ihain niya ang kape.

"Join me, Ms. Ortega," ulit nito.

"Hindi na po, sir."

"Are you just gonna watch me eat then?" Ngumiti ito.

Nanlaki ang mga mata niya pero agad ding hinagilap ang composure. Hindi siya teenager, isa siyang babaeng angat sa iba kaya dapat niyang ipakita iyon sa kanyang galaw. Hindi siya dapat maturete.

"O-Okay, sir."

Gumawa siya ng kape niya at pumuwesto sa tabi nito. Kape lang ang sa kanya. Saka pa lang nagsimulang kumain ang lalaki. Parang wala itong balak na magsalita, pero at least hindi nakasimangot at himalang parang hindi rin naman mabigat ang loob sa kanya sa umagang iyon. Mamaya, mamarkahan niya ang petsa sa kalendaryo. Kapag sila na, iyon ang magiging official date ng kanilang paglalapit. Gusto niyang matawa sa idea.

"N-Nagustuhan po ba ninyo, sir? Ako po mismo ang nagtitimpla niyang tapa," sabi niya dahil ayaw niyang sayangin ang chance na makapag-usap sila. Ano bang topic ang sasabihin niya rito? Wala naman siyang alam masyado sa mga proyekto ng kompanya. Baka kapag iyon ang pinag-usapan nila ay may mga banggitin pa itong topic na hindi niya alam, lalo na siyang malalagot.

"It's tasty." Tumingin ito sa kanya, ngumiti nang bahagya.

Papanawan na yata siya ng malay. OA na ang puso niya. Mukhang totoo nga yata ang hinala ni Angge na in love na siya sa lalaking ito.

"S-Salamat, sir."

Noon bumukas ang pintuan ng pantry at iniluwa si Ms. Katie.

"Hey, Katie, I need to speak with you,"

sabi agad ni Gabriel sa babae.

"Yes, I saw the note you left on my table. Sorry, Gab. I know I promised to be here early, but I got up late."

"It's all right. Have some breakfast."

Hindi nahiya si Katie. Agad itong kumuha ng pinggan, parang sanay na sa pantry ni Gabriel. Sa kabilang side ng lalaki ito pumuwesto.

Nag-mental note si Beth. Ganoon din siya dapat, confident. Iyong kapag inalok kumain, hindi na magpapatumpik-tumpik, iyong hindi nauutal, iyong chin up, chest out, kayang makipagtitigan.

Pero buwisit ito dahil bigla siyang etsapuwera. Ang awkward ding manatili kung nagsimula ng usapan ang babae tungkol sa project na hindi niya alam dahil project nito iyon, at siyempre, dahil si Gabriel ang vice president of real estate and

development, alam din nito ang proyekto.

Kasasabi lang niyang kailangan niyang maging puno ng kompiyansa pero bumigay agad, hindi pa man. Pinag-uusapan ng dalawa ang isang proyektong aabutin ng daang milyon ang halaga, habang ang topic lang na kaya niyang simulan ay tungkol sa timpla ng tapa. Ang sad.

“Sige po, Sir Gab, Ms. Katie,” sabi niya nang saglit na magkaroon ng patlang sa usapan ng dalawa. “Mauuna na rin po ako.”

“Thank you, Ms. Ortega. Mrs. Paner will send you the payment.”

Tumango na lang siya, hindi na nag-abalang sabihing free na lang dahil manigas ito. Hindi free kay Katie. Hitsura. Ngayon lang siya nagkaroon ng pagkakataon, tinapatan pa siya. Maano bang humanap

ng sariling time slot? Ang tagal na niyang naghihintay, nang-hijack pa ito ng moment. Palagi na nga itong kasama, kung tutuusin. Mula meeting hanggang sa ilang proyekto, at kahit sa gimmick din dahil ilang ulit na niyang naririnig na nagkita ang dalawa sa kung saang event o party ng mga konyo. Pati ba naman ang pambihirang pagkakataong almusal nila ng lalaki, kinuha pa rin!

Atribida!

Bumaba na siya at nagtungo sa pantry para ayusin ang naiwang paninda kanina, saka nagtungo sa cubicle niya. Nandoon na si Regina sa tabi niya. Wala siya sa mood makipagchikahan kaya nagsimula na lang siya ng trabaho. Paulit-ulit naman ang sinabi ni Angge sa isip niya.

*May point si Angge, actually. Paano ako makikita ni Gabriel as an equal kung*

*palaging dito lang niya ako nakaka-interact? Hindi tulad ni Katie na nakikita niya sa mga party, sa mga event. Siyempre nga naman, kung ganoon, kahit empleyado niya `yong isang `yon, sa isip niya, umeeksena `yon sa ibang parts ng buhay niya, `di ba? Parang `yong kuwento ng mga batang nagugulat kapag nakita ang teacher sa labas ng school kasi hindi nila naa-associate ang teacher na may ibang buhay sa labas ng lugar kung saan nila nakikita. So dapat na makita ako ni Gabriel sa ibang lugar. Ayokong tumatak sa isip niya na ako ang staff na nagbebenta ng lunch! Oh, my God, parang ako `yong teacher na nagbebenta ng yema o tocino! Wala namang masama doon, siyempre, pero kailangan kong i-elevate `yong sarili ko sa mga mata ni Gab.*

*Ano'ng sabi ni Angge? Sa gym. Kailangan akong makita ni Gabriel sa gym. Iyon lang*

*naman ang accessible sa `kin dahil nasa ibaba lang. Alangan namang magpa-member ako sa Manila Polo Club o sa Balesin? Lord, ang gastos palang magpapansin.*

Pero wala nang makakapigil sa kanya. Kailangan niyang sundutan ang momentum niya kanina. Kaya naman nang matapos ang araw ay nag-inquire siya sa gym sa ibaba. Twenty-four-hour gym iyon at pangsosyal. May isa pang gym sa malapit. Sa pagkakalam niya, doon naka-enrol ang iba niyang mga kasamahan dahil masyadong mahal sa gym sa ibaba ng building nila.

Nag-inquire na nga siya sa reception. Hindi tulad sa mga mall, hindi pushy ang magandang receptionist sa membership. Maayos at malinaw kausap, ang kaso ay times three ang presyo sa dinig niyang

basic plan sa kabilang gym. Kaya naman pala puro mga AFAM at senior management level ang mga nakikita niyang member. Sa ordinaryong pagkakataon ay hindi siya mahihiyang lumabas at sabihin sa kausap na pag-iisipan niya ang lahat, pero sa pagkakataong iyon ay pinakinggan niya ang kanyang damdamin kahit umangal ang kanyang credit card na bihirang-bihira niyang gamitin at kung gagamitin man niya ay bayad agad para hindi uminteres.

*Para sa love life,* sa isip-isip niyang nag-fill out na ng membership form. Nang makauwi, dinagdagan niya ang order quota para may pantustos sa paglandi. *Diyos ko, Gabriel, kung hindi ka pa magiging akin, ewan ko na.*

# CHAPTER 6

Nadagdagan ang tasks ni Beth sa opisina dahil siya ang kinuha ni Marcie bilang assistant. Ito ang nasa site, siya naman ang coordinator sa Manila. Anong saya niya sa nangyari kahit pa nga ang project managers ay sina Marcie at Gabriel mismo. Special project iyon ng mag-inang big boss, at part siya niyon kaya so what kung kasama si Marcie? Isa pa, hindi siya naiinis sa babae kahit pa sinabi nito minsan sa kanya na may gusto ito kay Gabriel. Kasi kung maiinis siya sa lahat ng may gusto sa

lalaki, lahat na kaaway niya. Isa pa, sa palagay niya ay lamang naman siya sa iba at ang pinakamalupit niyang katunggali ay sina Marcie at Katie.

Lamang si Katie ngayon dahil noong nakaraan ay niyaya ng bruhang mag-date si Gab. Dinner daw. Eksaktong nag-deliver siya ng packed lunch sa pantry sa taas para kay Mrs. Paner at ang naroon ay ang dalawa.

Para siyang dinaganan sa dibdib nang mga sandaling iyon, agitated sa kung ano ang isasagot ni Gabriel. At sa huli, parang gusto niyang mapaluha kasi ang sabi ni Gabriel sa babae, *"Do you enjoy German food? I know a place."*

Down na down siya noon. Pakiramdam niya kasi, after one week, magiging official na ang mga ito. After all, ang tagal na ring nagpapa-cute ni Katie sa boss nila. Pero

unti-unti niyang na-realize na hindi pa tapos ang laban. Lalo na at may hinawakang project si Katie sa Pampanga. Nabuhayan na siya ng loob.

Matagal na niyang napag-aralan ang schedule ni Gabriel. Anong klase siyang stalker kung hindi niya iyon aalamin? Tropa sila ni Mrs. Paner at minsan niya itong pasimpleng tinanong tungkol doon. Ewan, kung minsan feeling niya ay alam naman ng matanda na may gusto siya sa boss nila at parang gusto nitong magtagumpay siyang magpapansin sa lalaki kaya nagbo-volunteer ng impormasyon.

Ang iba niyang alam kay Gabriel ay natuklasan niya sa pagsunod sa social media nito at sa social media ng mga page kung saan ito naka-follow. Natuklasan niyang kaibigan nito ang isang events

promoter. Napansin din niyang nanonood si Gabriel ng mga palabas ng PETA at naobserbahan niyang naka-like ito sa mga play kung saan ang common denominator ay dalawang artista, isang lalaking mas bata dito at isang babae na pa-senior na at propesora sa UP. Siguro ay kakilala nito ang mga iyon. Problema lang, hindi niya alam kung aling show ang pupuntahan dahil hindi niya naman alam kung anong date manonood si Gabriel. Siguro, doon siya magtatanong uli kay Mrs. Paner, kapag nakita na niya uli ang dalawang artistang iyon sa play.

Ang hirap palang mang-stalk. Bukod sa magastos at ma-effort, ang lakas pang makaubos ng oras. Pero desidido talaga siya. Para ba siyang nagkaroon ng kung anong energy para itodo na ang effort dahil hindi niya kayang kalimutan si Gabriel.

Tutol din ang kalooban niyang patuloy na maghintay. Aamagin na siya sa kakahintay at mauunahan pa siya ni Katie, kung hindi man ay ni Marcie. Makikipagsabayan siya.

Ang isa pang paraan para mas magkalapit sila ni Gabriel ay ang panaka-nakang charity event ng kompanya. Hindi niya iyon pinapalampas ever since. Sa tuwing may darating na volunteer signup email sa mga pa-charity ay nangunguna siyang maglista ng pangalan. Twice a year ay mayroong event na ganoon, bukod pa sa pagtulong kapag mayroong nasalanta.

“Magandang tanghali, Mrs. Paner,” bati niya sa matandang sinadya sa executive floor. Alam niyang wala si Gabriel dahil nasa site pero ang sadya niya ay ang sekretarya nito. “Order mo, ma’am. Dinala ko na rin ang lunch ko para sabay tayo.”

Nakangiti nitong binuksan ang drawer

para kumuha ng pambayad. Ilang ulit na niya itong gustong ilibre ng lunch pero palaging ayaw nitong pumayag, kaya nasanay na siyang tanggapin na lang para hindi na mas awkward ang pasahan nila ng pera na sa huli ay palagi naman niyang tinatanggap.

Nagtungo na sila sa pantry. Bukod sa lunch meal, nagdala rin siya ng fresh fruit salad. Iyon na ang pinaka-treat niya sa matanda. Magkasundo talaga sila nito, magiliw sa kanya. Nalaman niyang ang anak nito ay kasing-edad niya at kahawig din. Kaya pala unang pagkikita pa lang nila ay magaan na agad ang loob nito sa kanya. Nasa ibang bansa ang anak nito at nag-migrate na raw doon kaya siguro siya ang nakikitang proxy.

"`Wag mong kalilimutan ang order sa `yo bukas, ha? Twenty pax, breakfast at

morning snacks," paalala nito habang kumakain sila. Kahapon pa nito naitawag iyon sa kanya. Bukas ay dalawampung katao silang maagang pupunta sa office kahit Sabado. Last day ng pagpa-pack ng relief goods na dadalhin nila sa nasalanta ng bagyo sa Tanay, Rizal.

Agad siyang tumango. Habang kumakain ay napag-usapan nila ang unang dalawang araw ng relief operations. Kaunti na lang ang natirang hindi pa napapamahagi, donasyon ng kompanya, maging ng mga supplier nila, at iba pang contacts. May mga tauhang nag-eempake sa ngayon at bukas ay kaunti na lang ang gagawin nila.

"Ma'am, sasama po si Sir bukas, `di ba?"

"Oo. Hindi pa siya nakakabisita, eh. Wala namang pinapalampas na ganyan `yon. Kaya gandahan mo ang bihis."

Bigla siyang nag-blush. “Si Ma’am naman!”

Ngumiti ito. “Matanda na ako, anak, at alam na alam ko na ang ganyan. Sa dami rin ng mga lumapit sa akin, kilatis ko na. Pero ikaw ang paborito ko sa lahat,” pag-amin nito.

“Kahawig ko kasi si Cindy, ma’am,” tukoy niya sa anak nito.

“Oo. Saka nakikita ko sa `yo ang sarili ko no’ng araw. Lalo na noong magpapamilya na kami kahit may pinapaaral pa akong kapatid. Lahat binebenta ko. Bilib nga ako sa `yo, Medicine pa `yong sa `yo. Sa akin noong araw, Commerce lang... Kain. Kailangan mo ng energy sa pagdiga sa guwapo.”

Napabungisngis siya, saka nagtanong mayamaya, “Ma’am, ipapaalam mo sa akin kapag may play sa PETA na panonoorin si

Sir, ha?”

Noon ito natigilan. “Paano mo naman nalaman pati ang mga play?”

Nag-init ang kanyang mukha. “Naka-follow po kasi ako sa kanya sa Instagram. Naka-like po siya sa mga play kaya naisip ko, siguro madalas din siyang manood.”

Tumango ito. “`Wag ka nang magpunta sa ganoon.”

“Bakit naman po?”

“Basta! Kumain ka na.”

“Bakit nga, ma’am? Kasi napansin ko, dalawang artista ang common denominator ng mga play na naka-heart siya—”

“Hindi artista ang common denominator. Tama na ang tanong, magagalit ako. Basta’t agahan mo bukas.”

Hindi na lang siya umimik kahit biglang nagtaka. Hindi tipikal kay Mrs.

Paner ang ganoong reaksiyon. Siyempre, lalo na siyang na-curious at nagpasyang alamin sa ibang paraan.

Matapos ang pananghalian ay bumalik na siya sa puwesto. Hanggang mag-uwian ay iniisip niya ang sinabi ng sekretarya, pero maaga siyang natulog dahil maaga ring gigising kinabukasan. Tulad ng nakagawian, si Inday ang katulong niyang maghanda ng paninda. Six in the morning ang call time kaya five-thirty pa lang ay naroon na siya. Hindi siya ang nauna kundi sina Katie at Gabriel.

“Good morning,” bati niya sa dalawa, ngiting-ngiti kahit parang mawawasak yata ang mga pisngi niya sa pagkakasagad ng plastic smile. Hindi madalas na maaga ang dalawa pero bakit ngayon ay nag-tandem pa? T-shirt na blue ang suot ng mga ito, tulad ng suot niya. Sa dibdib niyon ay

mayroong embroidered na logo ng LRM. "Breakfast, Sir Gab, Ms. Katie?"

"Ang ever so early nating food girl!" bulalas ni Katie.

Napikon siya dahil puwede namang hindi ipaalala na siya ang parang opisyal na nagbebenta ng pagkain sa opisina. Muli, walang masama sa marangal na trabaho, pero para bang nabibigyang-diin na malaki ang pangangailangan niya—na wala ring masama pero nagpipilit nga siyang lumebel, eh!

*Hay, Beth, ikaw ang may issue. Para namang mapagtatakpan ng gym membership ang katotohanan? Baka maiging mag-isip ka para iwas-gastos ka na lang.*

Ewan, saka na niya iisipin. Ang pogi ni Gabriel, bagong paligo malamang. Lalaban siya at hindi basta na lang hahayaang si Katie ang mag-uwi ng korona.

May nakabukod na mesa para kainan ng volunteers. Actually, hindi naman sila eksaktong volunteers dahil bayad sila. Nag-breakfast na ang dalawa, siya pa ang naghain. Alangan namang makisabay siya kung siya na mismo ang may dala ng chicha? Nakitulong na lang siya sa pagpa-pack ng relief goods. Mayamaya pa, katulong na rin sina Katie at Gabriel sa pagpa-pack. Parang ang anomang naipuntos niya kay Gabriel noong nag-almusal sila ay nabura na. Hindi na naman siya nito pinapansin. Nakakainis.

Mas lalo na siyang nainis nang sabihan siya ng coordinator na sumakay na sa unahan ng delivery truck dahil wala nang puwesto sa van ng ibang volunteers. Si Katie? Sa SUV ni Gab sasakay! Buwisit na Katie `yan, ang sarap sabunutan!

Ilang sandali siyang nag-isip. Dalawa

lang naman ang puwede niyang gawin, sundin ang sinabi ng coordinator at makarating sa operasyon na mukhang bilasa dahil wala namang aircon ang truck sa unahan, o ang makisabay kay Gabriel dahil meron pa namang space sa sasakyan nito.

Isinilang siyang malakas ang loob pero natitiyope talaga siya sa kanyang irog. Pero dahil sinasanay na niya ang sariling humarap dito, nagsabi siya sa coordinator na makikisabay na lang sa boss. Napakainit kaya. Wala siyang pakialam kahit na sabihin pa ng kahit na sino na sa ganoong charity event pa talaga niya isiningit ang paglandi. Kiber. Masyado nang apaw ang salop ni Katie at dapat nang kalusin.

"Sir!" tawag niya sa lalaki. Naglalakad ito patungo sa sasakyan, kaalinsabay si Katie.

Kumunot lang ang noo nito, pormal gaya ng nakasanayan. Demoted na naman siya sa herarkiya ng pagpapa-cute. Ano ang nangyari, bakit bigla na naman itong suplado? Yamot na yamot tuloy siya.

"Puwede bang sumabay na rin? Kasi wala na raw space sa van. Medyo mainit naman po sa truck. Okay lang po ba? Pasensiya na." Gusto niyang mapangiwi. Kung si Katie ang nalagay sa puwesto niya, hindi ito magre-request kundi magde-demand. So kailangan din na medyo may angas ang dating niya, pero mahirap gawin. Nakaka-intimidate din kasing talaga ang hitsura ng boss.

"Sure," sabi lang nitong pormal, saka muling naglakad.

Si Katie ay nagpatuloy sa kinukuwento nito. Tungkol sa kung sinong common friend ng dalawa. Hanggang sa makarating

sila sa sasakyan, bangka pa rin si Katie. Ngiting-ngiti naman si Gabriel habang tila matamang nakikinig sa babae, panaka-naka ay sumasabay din ng biro at may contribution din sa usapan.

Nagkukukot ang dibdib niya, masama ang loob, lalo at magagastusan ng ilang libo sa loob ng at least three months dahil nakapirma na siya sa quarterly gym membership contract. Magkano rin iyon, sana inipon na lang niya.

*Gaga, `wag kang panghinaan ng loob. Malay mo naman?*

Pero hindi niya ma-convince ang sarili, lalo at naririnig ang interaksiyon ng dalawa sa unahan. Wala siyang kilalang "Afah Abelardo" na palaging nasa Paris dahil boyfriend pala ng isang kliyente ni Katie na family man. Tsismosa rin, sosyal nga lang ang mga iniintriga.

Tahimik lang siya, hindi maiwasang mapalabi. Bigla niyang ginaya ang maarteng pagsasalita ni Katie, siyempre walang tunog, at ganoon na lang ang pagkagulantang niya nang mapatingin sa rearview mirror at makitang nakatingin sa kanya si Gabriel dahil pula ang traffic light.

Nanlaki ang mga mata niya at agad na yumuko. Nagme-make face pa siya nang mahuli nito! Ano na lang ang sasabihin ng lalaki? Na para siyang bata? Malamang! Isa pa, hindi man direkta ay parang boss na rin niya si Katie.

Gusto sana niyang manatiling nakayuko pero hindi rin niya gusto ang ideya na para siyang abang-aba. Hindi makapapayag ang pride niya, masyado nang magiging maliit ang tingin niya sa sarili. Kaya naman tumingin na lang siya sa bintana, nakataas ang mukha. Eh, di

pagalitan siya ni Gabriel kung gusto nito.

Pero walang dumating na sermon, salamat naman. Nang pasimple siyang sumulyap sa lalaki ay hindi na ito nakatingin sa kanya, nakikipagkuwentuhan na uli kay Katie. Hanggang sa makarating na sila sa site. Doon ay naging abala na sila. Mahirap nang unahin niya ang paglandi sa ganoong sitwasyon.

Nanguna siya sa distribution at siya na rin mismo ang nanguna sa pag-organize sa mga tao. Sanay siya sa ganoon dahil noong SK chairman siya ay trabaho talaga niya iyon. Kasali rin siya kahit sa distribution ng mga tulong ng gobyerno sa mahihirap. At mukhang mas may alam siya kaysa sa coordinator, palibhasa nga ay siya ang may experience. Ang coordinator ay medyo sosyal-sosyal din, mabagal, at hindi alerto

sa mga mapagsamantalang doble o triple ang gustong makuha.

Inabot din sila ng dalawang oras sa site at nang matapos ay pagod na siya at paos. Nasorpresa siyang malamang wala na si Katie, nagpaalam daw kanina pa at nag-Grab paalis. Talaga raw sumaglit lang ito. Hinanap ng mga mata niya si Gabriel at nakita ang lalaking nakatingin sa kanya.

Lumapit siya rito. "Tapos na, sir," aniya, nagre-report.

"I know. Good job. Are you ready to go?"

"Yes po..." Natigilan siya at napatitig dito. "S-Sasabay po ba ako sa inyo?"

"If you like."

Agad siyang tumango, kumaway sa volunteers na papasakay na sa van, ibig sabihin ay hindi siya sasabay sa mga ito, tulad ng una sana niyang plano.

Nagpatiuna na siya patungo sa SUV ng boss, binuksan ang pinto, at sumakay na rin agad. Dinig niya ang buntong-hininga ni Gabriel. Napatingin tuloy siya rito.

"Sir?"

"Nothing. Just... well, next time, wait."

Biglang nag-init ang kanyang mukha, pero kinilig din. Gentleman pala ito at gustong pagbuksan siya ng pinto. Nakakakilig naman ng balumbalunan. Pinabayaan na lang niya itong isara ang pinto ng sasakyan. Noon siya biglang nag-alala dahil pawisan siya. Hindi naman siya mabahong tao pero hindi na siya sariwa. Baka expired na siya. Agad niyang inamoy ang loob ng T-shirt. Amoy-pawis na siya, sakto lang, natural na amoy ng taong ilang oras sa init. Pero siguro naman ay ganoon din si Gabriel.

Pero nagkamali siya nang sumakay na

ito. Dahil inasunto siya ng pabango nito, tipong lalong bumabango kapag pinapawisan. Bigla siyang na-conscious.

"S-Sir, sorry kung pawis ako," nasabi niya.

Nilingon siya nito, binuksan ang makina ng sasakyan. "What?"

"Amoy-pawis ako, sir." Napangiwi siya.

"Stop it." Humarap ito sa kanya. "Don't be too conscious around me, Ms. Ortega. Everything's perfectly fine." Bumuntong-hininga ito.

Tingin niya sa lalaki ay nainis sa kanya. Siguro ay nakakainis din ang isang taong palaging nagso-sorry, iyong palaging self-conscious. Muli na naman niyang pinatunayan dito na wala siyang self-confidence, mababa ang self-esteem. Sa isa nga namang tulad nitong mataas ang narating, hindi nakakabilib ang tulad

niyang walang bilib sa sarili.

Pero teka, amoy ng pawis lang naman ang inaalala niya, bakit ba ito parang naiinis na naman?

"Sir, galit ka ba sa `kin?" bigla tuloy niyang naitanong.

Tumingin ito sa kanya, nakakunot ang noo. "What?"

"Tulad ngayon, sir, parang naiirita ka sa `kin."

"I just offered you a ride, what makes you say that?" Lalo nang kumunot ang noo nito.

Dapat ay hindi na siya makipagtalo, pero yaman din lamang na naroon na siya, sinabi na niya ang saloobin.

"`Ayan, sir, nakasimangot ka na sa `kin. Kung si Ms. Katie `yan, sigurado nang napaka-charming mo. Mabigat ang dugo mo sa `kin, hindi ko alam kung bakit.

Siguro dahil sa nagawa ko noong una tayong mag-meet. Pero ang tagal na no'n, hindi mo pa rin ba ako napapatawad?"

Bumuntong-hininga ito. "I don't hate you."

"But you don't like me," dugtong niya.

"I wouldn't put it that way."

Hindi na siya nakaimik dahil parang ganoon na rin, hindi ba? Ano ba talaga ang totoo? Hindi niya na-gets. Pero pagod siya at malamang ay pagod din ito. Baka kung ano pa ang masabi niya at lalo nang mapasama ang sitwasyon.

Mahaba pa ang biyahe, lalo na at heavy traffic. Tito sounds lang ang naririnig niya mula sa sound system ng lalaki. Kung si Katie ang nandoon, malamang bangka na naman ang babae. Bakit ba hindi niya tularan? Pero anong topic ang puwede niyang buksan? Nakaka-frustrate na hindi

siya pamilyar sa mga project sa level na puwede siyang magkaroon ng sensible contribution sa usapan.

Sa huli, ang naisip niyang topic ay, "Mahilig ka palang manood ng show ng PETA, sir?"

Biglang tumingin ang lalaki sa kanya. "What?"

Noon niya naalala ang sinabi ni Mrs. Paner na ayaw nitong pag-usapan ang bagay na iyon. Dapat ay rumehistro sa kanya na hindi magandang gawing paksa ng usapan iyon.

"K-Kasi, sir, may ticket akong nabili. Mahilig din kasi akong manood ng shows nila." Yaman din lamang na nandoon na siya sa puntong iyon ay sinagad na niya. Wala pa siya ni isang play na napanood sa tanang buhay niya, maliban sa school plays tulad ng "Ang Paglilitis Ni Mang Serapio,"

kung saan gumanap din siya bilang isang pulubi.

"Oh, yeah?" Humarap ito sa kanya matapos itaas ang hand break. Nasa gitna sila ng mabigat na trapiko. "What plays did you watch, hmn?"

"Ahm, `yong kuwan, sir, 'Rak of Aegis,'" aniya, proud sa sarili na nakapag-isip agad siya ng sagot.

"Which part of that one did you like?"

*Shit!* Hindi niya alam kung ano ba ang kuwento niyon, naalala lang niya dahil sikat at nakita niya sa poster si Jerald Napoles, pero hindi niya alam ang kuwento at detalye.

"`Yong k-kumakanta si Jerald Napoles, sir. Ang galing-galing niya do'n, `no?"

Tumango lang ito, pinaandar nang muli ang sasakyan. "Where did you see it?"

Patay na! Hindi niya alam kung saan ba

iyon palabas. Hindi niya maalala mula sa poster. Sa PETA ba mismo? Sa mga poster ng PETA na pinag-aralan niya, sa PETA Theater ginaganap ang mga palabas kaya iyon siguro ang pinakatama niyang isagot.

"Sa PETA Theater. Ikaw ba, sir, saan?" lakas-loob niyang sabi.

"There, too."

Patlang. Nag-isip na naman siya ng puwedeng sabihin. Bakit kasi kapag siya ang kasama nito, hindi ito madaldal?

Bigla niyang naisip na kung kaya ni Katie na yayain itong mag-dinner, bakit kaya hindi niya subukan? Kaya tuloy napatingin siya sa lalaki. Ang guwapo talaga, hindi niya kinakaya. Paano kaya maging isang tulad nito? Iyong mamuhay sa mundo na kahit bagong gising, mukha pa ring ready sa photo shoot. Bakit nga kaya wala pa itong girlfriend? Wala siyang

nabalitaan sa mahigit isang taon niya sa kompanya. Wala din siyang matanong na nakakaalam, maliban kay Mrs. Paner na hindi nagkukuwento ng mga ganoong bagay.

Hindi niya naman maisip na beki dahil hindi ang tipo ni Isolde ang ikahihiya ang beki na anak. Napakamodernong mag-isip niyon. Walang dahilan para itago ang pagkabeki kung ganoon nga. Pero hindi. Isa pa, ilang ulit na niya itong napapansing napapasulyap sa dibdib niya.

Paano bang approach ang gagawin niya? Nag-iisip na siya nang mapasulyap sa bintana nang may kumatok doon para manlimos. Nakita niya ang reflection at biglang pinanghinaan ng loob. Bilasang-bilasa siya, ngayon pa siya humahanap ng lakas ng loob magyaya ng date?

Lihim na napabuntong-hininga na lang

siya, sabay dukot ng pera sa bulsa para iabot sa pulubi. Baka tropa ni Mang Serapio.

"Sa office ka ba?" tanong ni Gabriel mayamaya.

"Yes, sir, nandoon ang motor ko."

Wala na silang imikan uli. At kahit nanghihinayang siya sa pagkakataon, hindi naman siya makapiyok. Baka kapag nagsalita siya ay lalo lang makasama. Nang makarating sila sa basement parking ay nagpasalamat na lang siya rito.

"Thank you po. Sige, sir, mauuna na rin ako."

"Thank you also. Good job today, Ms. Ortega. You take care now," sibil nitong sabi.

Ganoon lang, para nang lumipad sa kaitaasan ang puso niya. Kung alam lang nito. *Lord, ano ba talaga ang ginagawa ko sa*

*sarili ko? Gusto ko talaga siyang i-claim.* Pero paano naman niya gagawin kung napakailap nito? Minsan, para siyang naghahabol ng anino, iyon ang pakiramdam. Sino ba namang tanga ang nanalo sa ganoong klaseng habulan?

**Buy the e-book here:**

*Facebook.com/WhimsicalBooksPh*

**Printed copies are available on our**

*Facebook and Shopee as well:*

*Shopee.ph/WhimsicalBooksPh*

**Vanessa's Socials**